

The Project Gutenberg eBook of Si Tandang Basio Macunat, by M. Lucio y Bustamante

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Si Tandang Basio Macunat

Author: M. Lucio y Bustamante

Release date: June 4, 2005 [EBook #15981]
Most recently updated: December 14, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad and
PG Distributed Proofreaders. Special thanks to Elmer
Nocheseda.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK SI TANDANG BASIO MACUNAT ***

Si Tandang Basio Macunat

**Salitang Quinatha
ni
Fray Miguel Lucio y Bustamante
Religiosong Franciscano...**

May lubos na capahintulutan

MANILA.—1885

**Imp. de Amigos del Pais,
Calle de Anda, num. 1.**

TALAN NG NILALAMAN

[PAONAU SA MANGA TAGALOG NA MACABABASA NITONG SALITA.](#)

[ADVERTENCIA A LOS NO TAGALOS QUE LEAN U OIGAN LEER ESTE CUENTO](#)

[SI TANDANG BASIO MACUNAT](#)

[II](#)

[III](#)

[IV](#)

PAONAU SA MANGA TAGALOG NA MACABABASA NITONG SALITA.

Ang pagcatha co nitong salitang ito,i, naging parang isang calibangan co sa aqing sariling buhay; nguni,t, mayroon din acong hinahangad dito sa aqing salita,t, calibangan.

Ang aqing hinahangad, ay hindi co sasabihin sa manga bumabasa, ó naquiquinig nang pagbasa nitong aqing isinulat, cundi sasabihin co lamang, na ang cahalimbaua nitong quinatha cong salita, ay isang dayap.

Anoman ang laqui nang dayap, at maguing ano ang caniyang ganda at caquinisan nang balat, ay cundi ninyo pigain, ay uala cayong macucuhang gatas doon cundi amoy lamang at sucat.

¡Caya bahala ang bumabasa ó naquiquinig, na pumiga nitong salita, cung ibig nilang cunin ang gatang napapalaman dito!

Ang totoong bilin co sa manga íniibig cong tagalog, ay houag baga basahin nila itong salitang ito, na palactao-lactao, na parang inuugali nilang basahin ang manga *libro*, at cung magcagayo,i, marahil magcacamali sila, palibhasa,i, ang lamang nitong salita,i, parang isang usap; caya cailangang paquingan ang magcabilang *parte*, at pagtimbang-timbangin ang canilang manga catouiran, nang macuha ang catotohanan.

Ang isa cong pang bilin sa canila, ay houag magtaca sila sa mga guinagamit cong uica:—*ama, tatay, amba,—ina, nanay, inda,—*sa pagtotoo nang ama,t, ina; sapagca,t, iyang lahat na manga pangalang iya,i, para-parang guinagamit sa iba't ibang bayan ó Provincia.

At sa catapusan ay ipinamamanhic co sa manga tagalog na macagagasa ó macariringig nitong gaua cong ito, na ipatawad nila sa aquin ang manga caculangan co sa pagsasalita, sapagca,t, aco,i, hindi tagalog, cundi castila rin, baga man Padre, na totoong nagmamahal sa canila.

Fr. Miguel Lucio y Bustamante.

Páhiná 2

ADVERTENCIA A LOS NO TAGALOS QUE LEAN U OIGAN LEER ESTE CUENTO

Mucho, y hasta interesante, podria decir sobre el idioma tagalog y sobre otros incidentes de actualidad, que no dejan de relacionarse con el citado idioma; pero ni la ocasion, ni la pequeña, por no decir nula, importancia del presente cuento se prestan á ello.

Po eso he de concretarse á mis lectores no tagalos que, en este mi insignificante trabajo, hago uso de no pocos términos castellanos; de unos por ser técnicos, que no admiten sustitucion; de otros, porque están ya tagalizados, y son de uso comun; y de otros en fin, porque, aunque pudieran muy bien ser reemplazados por otros propios del, (aun no bien conocido), idioma tagalog, sería necesario echar mano de mas palabras, para espresar el sentido.

Poco é insulto es lo que presento á mis lectores no tagalos, pero aun asi y todo creo, (y dispenseme esta inmodestia), que no dejarán de encontrar algo que no les desagrade en este escrito.

Tambien advierto que en la prosodia y sintaxis me he atenido frecuentemente á la prosodia y sintaxis españolas.

Añadiendo por último que el idioma tagalog está en crisis, en esa crisis, por la que han pasado casi todas las lenguas é idiomas, sobre cuya circunstancia, echaría yo ahora, de muy buena gana mi parrafito, mas ó menos estenso, y mas ó menos certado, pero al fin un parrafito; mas, dadas las condiciones actuales, opino que basta y sobra con lo dicho, que no dejaran de comprender los que, despues de haber estudiado con alguna detencion ó atencion el idioma tagalog, esten ademas al corriente de lo que sucede y pasa.....

Fr. Miguel Lucio y Bustamante

Páhiná 4

Páhiná 5

SI TANDANG BASIO MACUNAT

Sa aqing manga paglacad-lacad, at pagdalao-dalao sa manga bayan-bayan dito sa Filipinas, ay nacarating aco sa isang bayang ang ngala,i, Tanay sa Distrito nang Morong.

Aco,i, napatiguil doon nang dalauang lingo, at dito sa pagtira cong ito,i, naging caquilala co ang isang matanda na ang ngala,i, si Gervasio Macunat, at cung tauaguin doo,i, si Tandang Basio.

Malaqui ang pagcauli co sa matandang yaon, palibhasa,i, matalinong, masayahin, at matalas na matalas ang caniyang bait at pagiisip. Gabi-gabing ualang sala,i, pinaroroonan co siya sa caniyang bahay, at doon nagsasalitaan cami nang sari-sari, hanggan sa malalim na ang gabi, at cung minsan ay inuumaga pa cami sa aming pagsasalitaan.

Dito sa aming manga pagsasalitaan, ay pinag-uusapan din naman ang iba,t, ibang ugali nang manga tagalog, at aco,i, natotoua nang di hamac, sa paquiquinig co nang caniyang matitinong catourin at casagutan sa lahat nang bagay na aming pinag-uusapan.

Isang gabi, ay tinucso co ang matanda, na ang uica co baga sa caniya:

Cung cayo po,i, nag-aral sa Maynila nang caunti man lamang; cung cayo, po, anaquin, ay natuto nang uicang castila man lamang, ay *segurong-segurong* cayo,i, naging directorcillo dito sa inyong bayan, at macaquiquita, po cayo sa Tribunal nang pagcabuhay ninyo na ualang malaquing capagurang *paris* ngayon, na cung ibig, po, ninyong cumita nang naipacacain sa inyong manga anac at asaua, ay cailangan, po, na cayo,i, magbangon nang maaga, at humauac nang calabao, at dumilig muna nang lupa nang inyong paus, bago, po, cayo,i, macaquita nang *maisusustento* sa inyong familia.

Páhiná 6

¡Ay ina co! ¡Cáhimanauari houag na acong nag-uica nang ganoong uica!

Nagalit na di ano lamang ang matanda; at nagbucang bibig nang lintic, at iba,t, iba pang ganito; na ang isip co baga siya,i, nabalio, ó napaano caya. Subali,t, pagcamayamaya, at nang lumipas-lipas na ang caniyang biglang galit, ay nangusap sa aquin nang gayon:

—Patauarin, pó, ninyo aco; ipatauad, po, ninyo sa aquin ang pagpapaualang galang co, po, sa inyo.

—Aco, pó, ang sagot co; aco, pó, ang dapat patauarin ninyo, sapagca,t, aco,i, siyang nagbigay galit sa inyo, baga man pó,t, hindi inaabot nang aqing pag-iisip, cung ano,t, anóng iquinagalit ninyo sa aqing salita.

—Houag, pó, ninyo acong cayamutan ang uica ni matandang Basio; houag, pó, ninyo acong cainipan, at matatastas din, po, ninyo cung baquit nasira ang aqing loob doon sa sinabi, pó, ninyong tungcol sa pag-aaral nang uicang castila, at sa pagdidirectorcillo.

Inyo pong salitain ang uica co, ang balang maguing gusto ninyo, at malaqui ang toua cong maquinig sa inyo.

Ang una-unang ibig co pong maalaman ninyo, ay ang naging buhay cong magmula sa pagcabata co, na hangan dito sa oras, na hinaharap natin, at saca,i, sasalaysayon co, pó, sa inyo ang puno at dahilan nang pagcagalit co sa inyong salita cangina.

Cayo, pó, ang bahala, ang sagot co. Umupo lamang tayo dito sa papag, at habaa,t, habaan, po, ninyo ang inyong salita, na hindi co, po, cayong cayayamutan.

Páhiná 7

Cung ganoon, po, aco,i, sasapol na.

II

Aco, po, ang uica nang matandang Basio, ay anac nang taong mahihirap, na manga maglulupa, manga opahan, subali,t, matatacutin sa Dios. Maliit na maliit pa aco, na hindi pa halos marunong magusap, ay pilipilit na, po, acong pumasoc sa escuelahan arao-arao na ualang falla.

Ang aquin pong maestro, ay isang mabait na mabait na matanda, na ang ngala,i, si Gregorio, na cung taunguin naming manga bata,i, cacang Yoyo. Totoong naibiguin siya sa aming mang escuela, nguni,t, mabagsic, po, namang siyang totoo, cung cami ay sumasala sa leccion, o sa iba,t, ibang itinuturo niya sa amin. Uala pong sino sa kaniya; ang may casalanan ay pinarurusahan nang tapat na parusa, ay siya na; hindi, po, niya tinitingman, cung ang batang nacacasala ay anac nang mayayaman o mahihirap na tauo. Ang caniyang sinusunod ay ang catampatan; sa macatouid: ang dapat pong parusahan, ay pinarurusahan, niya, at ang dapat purihin ay pinupuri niya, maguing sino ang tinatamaan.

Caya, po, malaqui ang aming tacot sa maestrong yaon, at malaqui, po, naman aming paggalang at pag-ibig sa caniya. Dahilan, dito,i, cami pong manga bata,i, sunod sunuran sa caniya, na ang cadalasan,i, hindi pa tapos ang caniyang utos sa amin, ay cami patacho na sa pagsunod nang ipinag-uutos niya sa amin.

Yaon pong, matandang yaon ay totoong quinacaibiga,i, guinagalangan nang buong bayan, baga

man hindi siya marunong nang uicang castila, na paris nitong manga maestrong bagong litao ngayon, na ang pangala,i, normal, na cahima't, casing-itim co, ó maitim pa sa aquin, ay nagsosoot nang levita ó cung ano cayang tauag doon sa isinosoot nilang damit, at naquiquipantay sila sa manga Cápitán, at sa manga Cura pa, na, (tabi sa di gayon,) tila,i, cung sino silang mahal na tauo.

Ang naturan cong matandang maestro namin ay ualang sariling calooban, bagay sa pagtuturo at pangungosiu sa aming manga bata. Hindi siya cumiquilos; hindi siya nagbibigay nang bagong utos, cundi cumuha siya muna nang tanong at sanguni sa aming maguinoong Capitan, at lalong-lalo sa aming cagalang-galang sa Padre Cura. Caya, pó, matanda at bata ay umaalinsunod sa caniya, palibhasa,i, talastas nang lahat, na hindi siya mangangahas na mag-utos nang anoman, cundi naalaman muna nang aming Cura.

Baca, pó, ang tanong sa aquin ni tandang Basio, pagdating dito sa lugar na ito nang caniyang salita; maca, po,i, iquinayayamot, pó, ninyo itong aqing mahabang salita?

Hindi po, hindi pó, ang aqing sagot sa caniya; caya ituloy pó, ninyo,t, ituloy ang inyong historia, na cahit anong haba, ay mamasarapin cong paquingan.

Salamat, pó, ang uicang ganti nang matanda. Ngayon, pó, aniya, ay iurong co nang caunti ang aqing salita, at sasabihin co, pó, sa inyo, na cung mahigpit ang aqing maestro, ay lalo pa póng mahigpit ang aqing magulang tingnan, pó, ninyo ang canilang guinagaua.

Pagdating co, pó, sa bahay na nangaling sa escuelahan, ay sinusulit, pó, aco nang sinusulit nang aqing manga magulang, na cung ano,t, ano cayang natutuhan sa arao na yaon; at cung ano,t, anong bilin sa aquin nang maestro; at cung ano,t, anong guinaua co; at cung ano,t, ano pa, pó, na lubhang marami. Sa pagsusulit pong ito,i, ang catotohanan, pó, ang aqing sinasabi at isinasagot, at malaquí póng totoo ang tacot cong magsabi nang casinungalingan sa aqing magulang.

Sa dacong gabi, at pagcatapos nang aming hapunan, na ang cadalasan po,i, canin lamang na ualang ulam, ó mayroon mang ulam, ay caunting bayabas, ó dulong, ó saguin, ó canduli, ó hipon cayá ay quinacalong aco nang aqing ama, ó nang aqing ina, at sari-sari, pó, ang itinuturo nila sa aquin. Mayroon, pó, sa pagdadasal; may sa pagcocompial; may sa paquiquinabang, may sa paquiquipagcapoua tauo, at sa iba,t, iba pang catungculan nang tauong cristiano, ayon sa inaabot nang canilang pag-iisip, at magandang calooban nila sa aquin.

Dito, pó, sa lagay na ito ay lumalacad nang lumalacad ang panahon, at aco pó,i, macapagcompial na, at nacapagcomulgar, cung macailan na; at marunong na, pó, acong bumasa, sumulat at nang caunting *cuenta*; at caalam-alam co ay sumapit na aco sa cabagongtauohan.

Nang magcagayon; aco pó,i, nananaghiling totoo sa capoua cong bagongtauong naquiquita cong gumagala cung gabi, at lumiligao cung saansaan, sa pahintulot nang canilang magulang. Caya, pó, minsan, dala nang aqing capanaghilian, ay nangusap aco sa aqing tatay sa boong galang nang ganito:

Tatay, baquit, pó,i, hindi ninyo acong pahintulutan, na manaog at lumigao-ligao, at sumaaya-saya diyan sa bayan na para bagang naquiquita cong guinagaua nang capoua cong bagongtauo?

Nang maringig, pó, nang tatay co itong aqing capamanhican sa caniya, tila pó,i, natataua-taua, at tila naman namamangot-mangot, nguni,t, hindi siya nagalit, bagcos sumagot sa aquin nang banayad na banayad nang gayon:

Basio, icao,i, anac co; icao ay iisa-isang anac co, na minamahal cong totoo, at minamabait co pa; subali,t, ica,i, batang bata pa; ica,i, isang hangal pa, na hindi pa marunong na cumilala nang manga silo at carayaan nang demonio, nang manga lamang bayan at nang sariling catauoan caya, inaalaala co, na baca sacali, cung cata,i, pahintulutang manaog at lumigao diyang paris nga nang guinagaua nang caramihan nang casingbinata mo, ay lumubog ca sa putican, at palubuguin mo pati ang magulang mo, at mapahamac nang para-para ang ating caloloua. Caya houag cang managhili, Basio, sa maling caugalian nang capoua nating tagalog, na ang sagot nila бага, cung sila,i, sisihing tungcol sa manga ugaling ito, ay: may bait din, anila, ang canilang manga anac; at cung itong canilang anac ay nalulubog na sa guitna nang putican, ay ang quinacatouiran nang magulang ay gayon: *siyang talaga nang Panginoong Dios, bago* bago,i, casalanan nilang sarili, dahilan sa canilang capabayaan, at dahilan sa capahintulutan nila sa canilang manga anac na lumagay sa panganib na icalulubog nila. Houag mong alalahanin, Basio, iyang manga bagay na iyan, sapagca,t, cung may aua ang Panginoon Dios ay macaquiquita ca rin nang pacacasalan, di man icao,i, lumigao.

Pinaquingan co, pong, maigui itong hatol nang tatay co, at бага man, tila, may cumucutcot at humahalucay sa aqing dibdib, ay umayon aco,t, umalinsunod sa calooban nang aqing magulang nang puspos at lubos na pagsunod; At ngayong oras na ito,i, masasabi co, pó, sa inyo, na aco,i, nagpapasalamat at nagpapasalamat nang maraming-marami sa aqing namatay na ama, dahilan sa magaling na pagtuturo niya sa aquin. Seguro, po,i, mahahango na, pó, ninyo dito sa aqing sinalita ang naging calagayan co, niyong aco,i, bagong tauo at soltero: subali,t, gayon man, ay sasalaysayin co, pó, sa inyo, na ualang palico-licong sabi.

Ang naging buhay co, po, niyong panahong yaon, ay ganito. Pag-umagaumaga na madilim pa, ay guinigusing aco nang aqing tatay, jsaan di, pó, at aco,i, matuluguin, palibhasa,i, bata pa!, at pagcabangon, ay nagdadasal cami nang caunting pagpapasalamat sa Panginoon Dios, at inumaga

coming buhay pa. Tuloy nagsisimba coming dalaua nang tatay, co, cung maaga ang Misa, at hangan cami, pó,i, nasasasimbahan, ay naghahanda ang aqing ina nang ano-anomang maipacain ó maipainom sa aming magtatay, at masama, pó, rao, ang uica ni inda, na cami ay pasasa-trabaja na ualang laman ang sicmura.

Caya pangagaling, pó, namin sa Simbahan ay cumacain po, cami, ó humuhigop caya nang balang nacayanan ihanda ni ina, at siya na, pó, yaon na, pó, cami nang tatay sa amin-aming guinagua, na ualang oui sa bahay cundi nang sangdaling *oras* sa *pag-aalmorsal*, nang dacong *a las nueve*, at saca sa pagcain nang tanghaliang pagtugtog nang *a las doce*, cung sacali,t, hindi, pó, cami pinacacain nang may *patrabajo* ó nagpapagaua sa amin.

Pag-oui, pó, namin cung gabi, na pagcatapos nang aming gaua, ay pinahahapon co, pó, ang aming manga hayop, ó liniligpit co caya ang manga casangcapang aming guinamit. Nagpapahinga, pó, cami nang caunti, at tuloy nagdadasal cami nang santo Rosario, na ualang *capallapalla* gabi-gabi, maguing ano ang hirap nang catauoan namin ni tatay. Ang minamatouid ni Ina, cun cami dumadaing, ay ganoon: *Ang pagdarasal, aniya, nang santong Rosariong gabi-gabi, ay hindi nagbibigay-pagod, cundi bagcus isang malaquing caguinhauhan nang caloloua,t, catauoan.*

Pagcatapos nang dasal namin, cami, po,i, cumacain nang hapunan, at saca nagsasalitaan cami nang caunting casama nang aming capitbahay at ibang caquilalang napapa roon sa bahay, at pagtugtog nang *á las diez*, ay ligpit na coming lahat sa cani-canilang bahay at banig, at ang minamatouid, pó, nang tatay co, ay masamang totoo, rao, na mapuyat cung gabi ang tauong nagpapaupa, sapagca,t, cung umaga,i, mag aantoc at matatamad tuloy.

Páhiná 12

Doon, pó, sa buhay at lagay cong yao, ay mayroon acong nararamdamang isang bagay, na di matatalastas co ang pinangagalingan. Aco, pó,i, hindi lumiligao; hindi palagala; hindi palapanaog; uala rin sa loob co ang pag-aasaua; ay, cung baquit, pó, aco,i, guinitian nang pag-ibig sa isang dalagang capitbahay co, pó, at *casing edad* co naman.

Pinaglabanan co póng totoo, at pinangatauoanan cong patayi,t, bunutin itong minamasama cong binhing tumutubo sa aqing dibdib, at hindi co, pó, macuhang patayin, cundi bagcus, ang damdam co, po,i, lalo,t, lalong lumalago at tumataimtim sa aqing puso. Gayon man, ay pinipiguil cong maigui ang aqing calooban, at hindi aco nagsalita sa babaying yaon nang isa mang uica lamang tungcol sa humahalungcay nang loob co. Cami, pó, lamang ay nagbabatian nang ugaling bati nang manga capitbahay, at siya na, pó.

Subali,t, sa hindi co, pó, matiis itong nangyayari sa aquin, na iquinagugulong totoo nang aqing loob at pag-iisip, tulog man, ó guisin man aco, ay ninanasa cong totoong ipahayag sa nanay co itong bagay na ito; caya, pó, minsang nagcataong cami ni inda ay nag-iisa sa bahay, ay binucsan co ang aqing loob cay nanay, at nag-uica aco sa caniya nang ganon:

Nanay, mayroon, pó acong ibubulong sa inyo; datapoua,t, houag, pó, cayong magalit sa aquin, cung sacali,t, mali ang aqing sasabihin.

Baliu na baliu ca, ang uica sa aquin ni ina. Baquit, aniya, baquit aco,i, magagalit sa iyo, maguing ano ang ibubulong mo sa aquin? Di baga sinabi co,t, ipinagbilin sa iyo, na houag mong ilihim sa aquin ang ano-anomang mangyayari sa iyo, ó nararamdaman mo caya, nang cata,i, gamutin, cung cailangan mo ang gamot; nang cata,i, aliuin cung cailangan mo ang aliu; nang cata,i, hatulan, cung cailangan mo ang matouid na hatol; at nang cata baga,i, *paloit,t*, parusahan, cung cailangan mo ang *palo* at parusa? Caya, magsabi ca na, at houag cang matacot, at hindi aco magagalit. ¡*Segurong-seguro*, ang dagdag na uica ni nanay *segurong-seguro* icao,i, may *novia*, cung caya,i, palico-lico ang iyong salita! Ay ano, di baga totoo?

Páhiná 13

Baga man, pó, nahiya acong totoo dito sa uinica ni nanay, ay nagpacatapang din aco, at tila,i, nagcaroon nang caunting lacas ang aqing loob, caya ang sagot co sa aqing ina,i, ganito:

Nanay, cung sa natuturang *novia,i*, uala, pó, acong novia; subali,t, mayroon dito sa ating calapit isang dalaga, na palagui póng sumasagui sa aqing loob at pag-iisip, dahilan sa minamabait cong totoo siya, at minamagaling co naman ang caniyang ugali. Di co, pó, mapagpag-pagpag ang pag-aalaala sa caniya arao,t, gabi. Ano pa, pó? Cung sasabihin co, pó, ang lahat nasasacalooban co, ay sasabihin co, pó, sa inyo, na ang ibig at nasa nang aqing loob, ay ang siya lamang at houag ang iba, ang maguing asaua co, cung baga pahintulutan nang Panginoon Dios, na aco,i, mag-aasaua.

At sino, ang tanong sa aquin ni inda, sino cayang ngalan niyang dalagang sinasabi mo, sapagca,t, dito sa ating calapit ay maraming dalaga?

Ang pangalan, pó,i, Ceciliang anac ni Alguacil Juancho Catouiran, ang sagot co.

¡*Ay picaro-picaro!*, ang sigao ni ina. ¡Marunong ca palang pumili! At tuloy niyapos aco, gaua, yata, nang malaquing toua niya, at nag-uica sa aquin nang gayon:

Pabayaan mo, Basio, at houag mong alalahanin iyang manga bagay na iyan, at acong bahala sa tatay mo.

Páhiná 14

Pinabayaan co nga, pó, at hindi na acong umimic tungcol sa manga bagay na yaon; datapoua,t, nang maguing tatlong lingong magmula niyong pagbubulungan naming mag-ina, at casalucuyan coming mag anac ay nag-iisa sa bahay, ay nagtanong sa aquin si tatay nang gayon:

—Ano baga icao, Basio; icao,i, may *edad* na, *gusto* mo cayang mag-asaua na?

—Aco, pó, ang sagot co, aco pó,i, sunod sunoran sa inyo; cung ano, pó, ang inyong calooban, ay siya ang calooban co.

—Icao бага,i, may catipan ó *novia* caya? Sabihin mo sa aquin ang totoo.

—Uala, pó, acong catipan.

—Ay baquit ang sabi sa aquin nang inda mo, na icao,i, may *gusto* cay Siliang (Cecilia) anac ni Alguacil Juancho?

—Totoo, pó, iyang sinabi sa inyo ni inda, subali,t, uala acong catipan *ni* salitaan man cay Silia.

Ay ano, *gusto* mo бага, ó hindi mag-asaua cay Silia?

—Gusto co, pó, cung *gusto* po, ninyo, cung hindi, ay hindi, po.

—Cung ganoon, ang uica ni tatay, cung ganoon ay sumalunga ca na bucas at tumaga ca nang isang limang punong cauayan, at aco nama,i, magpapacuha nang cugon at ating pag-liguihing icoi-icoi ang manga casiraan nitong ating bahay. Sapagca,t, ang salitaan namin ni Alguacil Juancho, ay sa isang sabado, cung may aua ang Panginoon Dios, ay haharap na cayo ni Silia sa ating Padre Cura, nang cayo,i, matauag na sa Simbahan, cung бага *gusto* at calooban ninyong dalaua. Caya pinagcaisahan namin ni mamang Juancho, na mula ngayon ay ipagsasama quita gabi-gabi sa caniyang bahay, nang cayo ni Silia,i, magcausap nang inyong sarili sa aming harap, nang cayo,i, magcaquilalang mabuti, at nang maalaman din namin ang nasasacalooban ninyo, bago cayo,i, humarap sa ating mahal na Cura.

Páhiná 15

Nagaua, po,t, nasunod yaong lahat na sinabi sa aquin ni ama, at iba,t, iba pa, datapoua,t, lilisanin co pó, iyang lahat na iyan, at sasabihin co, pó, sa inyo sa maraling salita na: aua nang Panginoon Dios, cami ni Silia,i, *nacasal* din; nag-anac, pó, cami nang marami; at sa tulong nang mahal na Virgen, ay hindi nasira ang aming capayapaang magmula niyong cami *casalin*, na hangan ngayong *oras* na ito.

Cung anong naquiquita co pong inu-ugali nang aqing ama sa aqing ina, at cung anong inaasal nang magulang co sa aquin, ay siya co pong guinayaha,t, inuugali sa aqing asaua at manga anac at sa malaquing aua nang Poon, ay cami nagcacasundo nang maigui at hindi cami naualan nang aming canin sa ara-ara, mahirap man coming tauo.

Naito, pó, ang sulong na salita ni tandang Basio, naito, pó, ang pitong anac cong nabubuhay. Inyo, pong tingnan, at inyo pong sulitin, at sila,i, para-parang marurunong na magdasal, bumasa, sumulat at nang caunting *cuenta* pa; at bucod dito,i, sila pong lahat babayi at lalaqui, ay marurunong pang mag-araro, magtanim, umalit, mangahoy, manahi at mangosina. Datapoua,t, houag, pó, ninyong causapin sila sa uicang castila, at bual na bual co, pó, sa canilang lahat ang pag-aaral, at ang pagsambit man lamang nang iisa-isang uicang castila.

—At baquit, pó, gayon ang inyong gaua,t, utos? ang tanong co sa matanda. Di бага lalong mabuti, na ang naalaman na nang inyong manga anac, ay patungan pa,t, dagdagan nang pagcacaalam nang uicang castila?

Páhiná 16

—Hindi, pó, hindi, pó, ang biglang sagot ni tandang Basio. Ang castila, aniya,i, castila, at ang indio ay indio. Ang ongo, ang uica pa niya, ang ongo,i, sootan man ninyo nang baro at saloual, ay ongo rin at hindi tauo.

—Oo nga, pó, ang uica co; subali,t, pacatandaan, pó, ninyo, na ang carunungan ay hindi nacacahalang sa anoman, cundi bagcus ay nacatutulong sa atin sa maraming totoong manga bagay-bagay sa caloloua,t, catauoan dito sa mundo.

—Tunay, pó, ang inyong sabi, ang ulit nang matanda; subali,t, aniya, sa naquiquita co, pó, sa namamasdan co; at sa nababalitaan co, pó, sa buhay cong ito,i, hindi co, pó, ibig na ang manga tagalog, ang mga indo, alalaon, ay nagaral nang uicang castila.

Ang pinaniniualaan co, póng totoo at sinusunod co, ay ang casabihan nang aqing namatay na amá, (jingatan nang Panginoon Dios!) na ang madalas na sabi niya бага, ay ganito: *Ang mga tagalog, ang mga indio бага, aniya, na humihiualay caya sa calabao, ay ang cadalasa,i, naguiging masama at palamarang tauo sa Dios at sa Hari.*

Cung caya, po,i, sumamá ang loob co, at nagalit pa aco, nang sabihin, pó, ninyo sa aquin, na cung ano,t, di aco nág-aaral nang uicang castila.

Tungcol, pó, sa manga bagay na ito,i, maraming-marami acong sucat salitain sa inyo. Subali,t, pó, sapagca,t, hating gabi na ngayon, tayo,i, lumigpit muna, cung бага minamatapat ninyo, at bucas, pó, cung may aua ang P. Dios, ay sasalaysayin co, pó, sa inyo ang lahat-lahat na isinasalob co,t, inaabot nang aqing pag-iisip, bagay dito sa ating pinag-usapan, at ipaquiquita co pa, pó, sa inyo ang isang casulatan nang tatay co, na iniingatan co,t, itinatago sa cailaliman nang aqing caban, tungcol sa nangyari sa isang mag-anac na tagarito rin sa aqing bayan nang Tanay.

Páhiná 17

Nanag maringig co itong salita nang quinacaibigan cong matanda, ay nagpaalam na aco sa caniya, at ang uica co lamang:

Maca, pó, cayo,i, nayayamot na sa aquin, dahilan sa pinupuyat co, pó, cayong palagui?

—Hindi, pó, ang sagot ni mamang Basio, hindi, pó, aco nayayamot, bagcus, po,i, malaquing

malaqui ang toua cong maquipagsalita sa inyo, palibhasa,i, cayo po,i, marunong cumilala nang catouiran co, ó nang hindi caya catouiran, at marunong din, po, cayong humalang sa aquin, cung baga aco,i, nagcacamali....

III

Aco,i, umoui na; at nang dumating aco sa aquing tinutuluyang bahay, ay guinuguni-guni cong palagui, na cung ano caya ang napapalaman sa casulatang ipaquiquita sa aquing nang caquilala cong si tandang Basio.

Sari-sari ang napapasaisip co; at baga man pinapagpag co, ay hindi co rin maitapon sa aquing calooban ang pagalaala nang naturan cong casulatan; at dahilan dito,i, uala acong catulog-tulog niyong magdamag na yaon.

Caya ang ibig co baga, at ang ninanasa cong totoo,i, sumicat na ang arao, at lumubog tuloy, nang gumabi agad at macaquita aco at macabasa nang inuulit cong casulatan. At, palibhasa,i, ang panahon ay ualang catiguiliguil sa caniyang paglacad, maigui man, ó masama man ang simoy nang hangin, ó ang singao nang lupa, ay dumating din ang *oras*, na tinutucoy co sa pagdalao sa aquing quinacaibigang matanda, at agadagad ay naparoon aco sa caniyang bahay.

Páhiná 18

Nang aco,i, dumating sa bahay nang matanda, ay *nagrorosario* pa silang mag-anac; caya aco,i, nag-antay, at umupo aco sa liputan nang bacuran, hangan sa natapos ang canilang *pagdarasal*.

Pagcatapos nang canilang dasal, ay sumungao si tandang Basio sa *bintana*, at pagcaquita sa aquin, ay sumigao nang gayon:

—¡Aba! ¡cayo, po, pala,i, naririyán! Cami, po,i, inyong patatauarin, at cayo, po,i, pinaantay namin diyan sa hamogan.

—Uala, pó, ang sagot co, uala, pó, acong sucat na ipatawad sa inyo, at uala, pó, cayong casalanan, sapagca,t, inaagapan co ang aquing pagparito.

—¿At *comusta*, pó, cayo? Cayo, pó, yata,i, naligo cangina sa bucal.

—Siya nga, pó, ang aquing sagot, doon aco,i, naligo canginang umaga, at namaril acong tuloy nang caunting *oras* sa manga tabing palayan.

Pagcatapos nitong aming pagbabatia,t, *pagcocomustahan*, ay pumanhic na aco sa canilang bahay, at capagcaraca,i, sumigao si tandang Basio nang gayon: ¡Silia! ¡Silia!... cunin mo yaong balutang natatabi sa loob nang aquing caban, doon sa ilalim nang manga damit.

Pagca maya-maya,i, ito na si tandang Siliang may taglay ang naturang balutan na iniabot sa caniyang asaua. Binuclat ni matandang Basio, at hinango roon ang isang parang *librong* munti, at ang uica niya sa aquin:

—Ito, pó, aniya, ang casulatang sinabi co sa inyo cagabi. Cung *gusto*, po, ninyong basahin, ay basahin, pó, ninyo, at cung ang *gusto* po, ninyo, na aco,i, siyang bumasa, ay babasahin co, pó.

Páhiná 19

—Cayo, na, pó, ang aquing sabi cay tandang Basio, cayo na, po, ang bumasa, at paquiquingan co.

—Salamat, pó, cung siya ang inyong *gusto*. Subali,t, bago cong sapulan ang pagbasa nito,i, mayroon, po, acong ipahahayag sa inyo.

—Cayo, pó, ang bahala; at aco,i, ayunayunan sa inyo.

—Salamat, pó, ang ulit nang matanda, at tuloy nag-uica sa aquin nang gayon:—Ito pong casulatan, ay guinaua nang aquing tatay, at palibhasa,i, siya,i, capoua co ring hangal, ay *segurong-seguro* po,i, maraming mapipintasan ninyong salitang hindi matotouid. Datapoua,t, cung sa laman, pó, ay totoong-totoo ang nalalaman dini; at cung caya,i, pinatotoohan co, sapagca,t, inabot co at naquilala co rin ang lahat nang tauong nasasambit dito sa tinatangnan cong *libro*.

—Houag, pó, cayong, ang sagot co; houag, po, cayong mag-alaala niyan at nang anoman, at aco,i, isa ring hangal. Ang ibig co, pó, lamang ay matalastas co ang laman niyang casulatang hinahauacan ninyo; caya, cung baga minamatapat, pó, ninyo, ay inyong sapulan na.

—Cung ganoon, pó, ay inyo, pong paquingan, at aco,i, sasapol na.

—Pagcasagot nang ganito ni tandang Basio, ay lumapit siya sa ilao, binuclat niya ang casulatan, pinahiran nang *pañño* ang caniyang mata, suminga nang caunti, tumic-him pang dahan-dahan, at binasa niyang tuloy itong manga susunod, na isinalin co dito sa *papel*, na ualang culang at ualang labis:

IV

Páhiná 20

Buhay nang isang mag-anac na tagarito sa Tanay.

Sa taong sanglibo, ualong daan at labing tatlo,i, mayroon dito sa bayan nang Tanay isang mag-anac na mayaman at mabait. Aapat silang catauo: ang ama,t, ina baga, at dalaua nilang anac, bucod ang manga alila.

Ang ngalan nang ama ay si D. Andrés Baticot na *Cabezang pasado*, na cung tauaguin dito,i, si cabezang Dales; ang pangalan nang ina, ay si D.a Maria Dimaniuala, na cung tauaguin ay si cabezang Angi; at ang ngalan naman nang canilang dalauang anac, ay si Prospero ang lalaqui, at si Felicitas ang babayi, na cung tauaguin ay si Proper at si Pili.

Dito sa boong bayang ito,i, uala cayong ibang mariringig cundi manga pagpupuri sa naturan cong manga tauo, palibhasa,i, mababanal sila,t, masimbahin; maauain sa manga *pobre* at mahihirap na tauo; masusunurin sa manga utos nang Dios, nang Padre Cura, at nang manga Justicia na cung sabihin co sa catagang uica at: ualang-ualang sucat ipagpintas sa canila sa ano pa mang bagay.

Lumaqui itong dalauang anac ni cabezang Dales, at naging bagong tauo at dalaga, at baga man anac sila nang mayayaman, ay sila una-una,i, gumugusar nang manga catungculan nang bagong tauo at dalaga sa panahong yaon, sa *pagrosario* baga, sa pagsisimba cung sabado, sa pagdarasal, sa paggamas sa *patio* nang Simbahan, at sa iba,t, iba pang ugaling gauin nang manga bagongtauo at dalaga.

Mahusay sa mahusay ang asal nitong dalauang magcapatid, na si Pili, baga at si Proper. Marurunong din sila nang manga catungculan nang tauong cristiano at nang iba pang nauucol sa pagcabuhay, at sa paquiquipagcapoua tauo. ¿Ano pa?; Ang pananamit nilang magcapatid, at ang quilos man nang canilang catauoan, ay tapat na tapat, na ualang cahalong capalaluan ó calibugan.

¡Ay cung baquit naisipan nang magasaua ni cabezang Dales, na paluasin ang canilang anac na si Prospero sa Maynila nang mag-aral doon, anila, nang caunti!

¡Hindi co maisip, hindi co naalaman, cung sinong manunucsong tauo,i, naguudioc sa canila sa gayong bagay!

Nang mabalitaan ni Felicitas itong manga naisipan nang caniyang magulang ay nalumbay siyang totoo; at sa malaquing caramdaman nang caniyang loob, ay nangusap siya sa caniyang tatay nang ganito:

—¿Totoo, pó, baga, tatay, na paluluasin, po, ninyo si Próspero sa Maynila?

—Oo, ang sagot nang caniyang ama.

—¿At ano,t, paluluasin, pó, ninyo?

—¡Baliu ca! ang sigao ni cabezang Dales, ¡baliu ca!, nang siya,i, mag-aral-aral sa Maynila nang iba,t ibang hindi mapag-aralan dito sa atin na para-para tayo,i, manga hañgal, na ualang naalamang iba cundi cumain at mag-araro.

—Maano pó, tatay, ay houag, pó, ninyong paluasin si Próspero.

—¿At baquit?

—Ayuan co pó; subali,t, masasabi co, pó, sa inyo, na masamang-masamang totoo ang cotug nang aquing loob, at malaquing-malaqui, pó ang tacot co, na baca sacali,t, mapahamac ang aquing capatid, na minamahal at manamabait co póng totoo, cung paluasin, pó, ninyo siya sa Maynila.

—Houag cang magbaliu-baliu, Pili, ang sagot ni cabezang Andrés. ¿Baquit, aniya, mapapahamac ang capatid mong si Proper, ganiyang cabait siya, paluasin co man siya sa Maynila?

—Hindi, pó, aco macasagot sa inyo; datapoua,t, di baga naquiquita pó ninyo, ó nabalitaan caya, ang nangyayari sa caramihan nang batang pinapag-aral sa Maynila, na mababait na mababait sila, nang sila,i, umalis sa casiping nang canilang magulang, at pag-oui, pó, nila sa canicanilang bayan, ay iba na ang canilang asal at ugali; na tabi sa di gayon, ay ualang-uala silang naalaman, cundi lumigao at gumala oras-oras; magsoot nang matitigas, at lumayao sa catauoan?

—Di baga naquiquita, pó, ninyo, ó nabalitaan caya, na pangagaling sa Maynila niyong mañga nasabi cong bata, at cahit ano ang natutuhan nila doon; ay pagdating, pó, rito sa bayan, ó sa bayang canilang pinagbubuhatan; ay hindi na sila marurunong gumalang sa matatanda, at ang pagpupugay man pó, sa mañga puno, at sa mañga Sacerdote ay hindi na guinagaua?

Di baga naquiquita, pó, ninyo, ó nabalitaan caya, na ang caramihan nating mañga tagalog, tabi sa di ganoon, na nag-aaral sa Maynila, ay ualang ibang natutuhan doon cundi ang dilang capalamarahan sa canilang capoua tauo?

Cayo, póng bahala, tatay; cayo rin, pó, ang aming susundin; nguni,t, ipinamamanhic co póng totoo sa inyo, na bago pó, paluasin ninyo si Proper, ay cumuha, pó, cayo muna nang tanong at sanguni sa ating mahal na Padre Cura, ó sa iba cayang nacacaalam; maca, pó, sacali; ang inyong casasapitan, ay malayong-malayo sa inyong hinahañgad.

At saca, pó, tatay; ay alalahanin, pó, ninyo, na sa pagcacamit nang Lañgit, ay hindi cailaňgang mag-aral muna nang uicang castila at *cánones*, ó cung ano pong ñgalan niyong pinag-aaralan nang maňga *estudiante* sa Maynila, at madalas naringig co, pó, sa maňga Confesor, at binasa co pa sa maňga libro, na, cung sa Paňginoon Dios, ay ualang *castila*, ualang tagalog, ualang *ingles*, ualang *inchic*, ualang mahirap, ualang mayaman, ualang marunong at ualang haňgal; tayo,i, para-parang hohocoman niya, at ayong sa ating maňga gaua, ay ganoon din ang caniyang ganti ó parusa sa atin.

Baga man ticang-tica nang loob ni cabezang Andrés, na paluluasi,t, paluluasin sa Maynila ang caniyang anac, na si Próspero, ay pinaquiringan din ang matouid, at malaman, at mainit na salita ni Felicitas; at baga man hindi sumagot cay Pili, doon sa *oras* na yaon, nang isa mang uica, ay nang quinabucasan niyon, ay naparoon si cabezang Dales sa Convento, hinanap niya ang aming mahal na Padre Cura, at doon cumuha nang sanguni.

Ang Cura dito sa amin, niyong panahong yaon, ay baga man castila, (siya,i, Franciscano na paris nang maňga hinalinhan niya, at nang maňga humalili sa caniya), baga man castila, anaquin, ay tagalog na tagalog cung sa paňguňgusap; at palibhasa,i, matagal siyang totoo dito sa catagaloga,i, naalaman niya ang lahat na maňga asal at ugali naming maňga *indio*. Caya nang humarap sa caniya si cabezang Dales, at ipinahayag sa caniya ang talagang isasanguni sa caniya, ay sinagutan siya nang aming cagalang-galang na Padre Cura nang isang mahaba at malinao na sagot, na sasaclaun co dito sa maicsing salitang susunod:

—Mabuting-mabuti ang uica nang Padre Cura, mabuting-mabuti ang inaacala mo, Andrés; palibhasa,i, maigui ñga na ang tauo,i, mag-aral nang mag-aral, hangang macacayanan niya, nang maňga bagay-bagay na carunuňgan, macatutulong sa caniya sa maňga iba,t, ibang calagayan natin dito sa lupa. Caya, naguing caucaan nang maňga pantas na marurunong, na *ang carunuňgan ay hindi nacabibigat, cundi nacagagaan nang maňga pasan natin dito sa mundo*. Nguni,t, mayroon acong itatanong sa iyo.

—Cayo póng bahala, ang uica ni cabezang Dales.

—Ano caya ang hinahaňgad mo, ó hinahabol mo baga sa anac mong si Próspero, dito sa pagpapaluas mo sa caniya sa Maynila?

—Uala, po, acong ibang hinahabol at ninanasa sa aqing anac cundi ang siya,i, matuto nang caunti sa Maynila.

Ay ano, ang ulit nang Cura, ay ano, di baga siya,i, marunong nang dasal?

—Marunong, pó.

—Di baga siya,i, marunong bumasa, sumulat at nang manga *cuenta* pa?

—Aua, pó, nang Paňginoon Dios, ay naalaman nang anac co iyang maňga bagay na iyan.

—Di caya maalam si Próspero nang *mag-araro*, mag-alaga nang calabao, maňgahuy, at nang iba,t, iba pang tungcol sa inyong pagcabuhay, at nang ucol naman sa maňga catungculan nang tauong cristiano?

—Iyan póng lahat na iyan ay naalaman din ni Proper.

—Cung ganoon, ang uica nang Cura, cung ganoon; ano pa ang hinahabol mo, ó hinahanap mo cay Próspero?

—Ang ibig co, pó lamang, Amo, ang uica ni Dales, ay ang mag-aral si Prospero nang caunting paquiquipagcapoua tauo, at natatanto rin, pó ninyo, na dito sa ating bayan, ay haňgal na haňgal ang tauo, na halos hindi marunong sumagot, cung causapin ninyo, cundi tanuňgin po, ninyo silang tungcol sa maňga calabao, maňga palayan, maňga caiňgin ó ibang ganito.

—Totoo iyang salita mo, Andrés; subali,t, talastasin mo namang maigui, na malaqingmalaqing camaliang umasa, na ang isang puno nang sampaloc ay mamuňga nang bayabas, at isang, puno nang bayabas ay mamuňga nang sampaloc. At itong camaliang ito,i, nasasainyong lahat halos, na bihirang-bihira ang hindi nararamay sa camaliang ito. Caya ang nangyayari sa caramihan ninyong maňga *indio*, maguing tagalog, maguing visaya, maguing vicol, pangpango, ilocano, etc. etc. etc., ay gayon:

Mayroon cayong caunting salapi, at magcaanac cayo nang lalaqui, at capagcaraca,i, tinutucso cayo nang demonio, ó nang inyong capoua tauo, ó nang inyong sariling cahunghaňgan ó capalaluan, na paluasin baga ninyo sa Maynila ang inyong anac na lalaqui, nang doon siya,i, mag-aral; at hindi ninyong sinusubucan muna,t, pinagmamasdan itong inyong anac, cung mabait baga at matalinong siya, ó matalas caya ó mapurol ang caniyang ulo, ang caniyang pagiisip, sa macatouid.

Ang inyong guinagaua lamang sa maňga cataonang ganito, at ang inyong iniisip at guinugunam-gunam lamang, ay cung quinacaya baga ninyo, ó hindi quinacaya ang pagbabayad nang pag-aaral at pagtira nang inyong anac sa Maynila; at cung baga inaacala ninyong nacacayanan din, ay isinusulong ninyo ang inyong banta,t, calooban, at siya na.

Dahilan dito sa inyong asal, ang nangyayaring cadalasa,i, natutunao lamang ang inyong salapi, at ang maňga anac ninyo,i, ualang ibang pinag-aaralan sa Maynila, cundi maňga *capillohan*, casalauolaan, capalamarahan, at iba,t, iba pang masasamang ugali.

Cung dito, ang tuloy na salita nang aming mahal na Padre Cura, cung dito sa anac mong si Próspero ay masasabi co sa iyo, na minamabait co,t, minamagaling cong tauo, at inaari co siyang mabuting cristiano at masunuring anac. Subalit,t, cung sa aquing pagtiñgin, cung aquing pagmamasid sa caniya, ay tila,i, may capurulan ang caniyang ulo, caya inaalaala co, na baca sacali,t, cung paluasin mo siya sa Maynila, ay hindi lamang hindi matuto ang inaacala mong matutuhan niya roon, cundi bagcus ay masira at mauala pa ang caniyang cabaita,t, cagalingan, at ang humalili dito,i, ang capusuñgan at capalaluhan.

Caya ang hatol co at ang aquing sagot sa maña ipinahayag mo at itinanong mo sa aquin ay gayon: Houag mong paluasin si Próspero sa Maynila: sapagca,t, ñgayon siya,i, mabait na anac, mahusay na binata, masunuring cristiano at mabuting cababayan; ñguni,t, cung paluasin mo siya,i, hindi natin naalaman ang caniyang casasapitan.

—Salamat, pó, ang ulit ni cabezang Dales,salamat, pó, at co,i, inaaralan ninyo,t, hina, hatulan nang magagaling; datapoua,t, cundi icagagalit nang aquing Panginooon, ay mayroon, pó, acong sasabihin sa inyo.

—Hindi, ang banayad na sagot nang aming Cura, hindi aco magagalit: caya magsabi ca nang balang maguing calooban mo, at sasagutin co nang macacayanan co.

—Ang aquin pong sasabihing ayon sa inaabot nang mababao cong pag-iisip, ay ganito: ang uica ni cabezang Dales. Na tila po,i, ang laman nang maña sinalita ninyo sa aquin, ay ang houag bagang mag-aral coming maña *indio* nang maña iba,t, ibang naalama,t, pinag-aaralan ninyong maña castila.

—Hindi at hindi, ang biglang sagot nang Cura, hindi iyan ang cahulugan nang maña sinalita co sa iyo. Maling-mali, Andrés, ang caisipan mo. At cung sa aquin, ay hindi lamang hindi co inaalís, cundi minamagaling cong totoo, na ang maña *indio*, mag-aral nang balan nang carunuñgan maguing sa *pagmemedico*, maguing sa *pagmamaestro*, maguing sa *pagpapare*, maguing sa *pag-aabogado*, ó iba,t, iba cayang maña *oficio* at calagayan natin dito sa mundo.

Baquit aco,i, magsasalooob nang ganiyan, at mayroon acong naquiquilalang maña *Pare*, maña *Médico*, maña *Abogado*, na para-parang maña *indio*, na mahusay na mahusay sila sa canicanilang catungculan, at naguing uliran pa sila nang ibang maña *Pare*, maña *Médico* at maña *Abogado*? Ang ipinipintas co lamang sa inyo: pacatandaan mong maigui, Andrés; ang ipinipintas co lamang sa inyong maña *indio*, at ang minamasamang totoo nang aquing calooban, ay ang ualang casinghamac na ugali ninyo, na pag nagcacaroon cayo nang caunting *cuarta*, cung mayroon cayong maña anac na lalaqui ay agadagad paluluasin ninyo sa Maynila itong inyong maña anac, nang mag-aral doon, aninyo, cahit casingtigas nang batobalani ang canilang ulo, at uala silang cabait-bait.

Caya, ang uica co sa iyo cañgina, at inuulit co ñgayon, at uulitin cong magpacailan man, na, ang caramihan, sa macatouid baga, na sa sanglibong *indiong* nag-aaral sa Maynila, ay ang siam na raan at limang puo,i, ualang ibang natutuhan doon cundi maña capalaluan, maña casalbahian, maña casalauolaan, maña calayauan nang catauoan at ibang ganganito, at tinutunao pa nila ang salapi nang canilang magugulang.

Dito rin sa ating bayan ay mayroong maipaghalimbaua aco sa iyo:

Ano caya ang naalaman ni Basteng anac nang nasirang *Maestrong Sensio*, ganoong catagal siya sa Maynila, na cung sa aquing balita,i, mayroong ualo ó siam na taon siya roon?

Ay ualang-ualang iba, cung sa naquiquita co at pinagmamasdan, cundi ang pagsosoot nang matitigas; ang pagmamarunong; ang pagpapaquialam min sa lahat nang bagay; ang pambababayi; ang pagbabañgon nang usap sa maña ualang casaysayan, at ang pagpapalalo sa lahat. At saca hindi sila nagcocompial sa panahon nang *Santa Cuaresma*, at magsimba man sila, cung *Domingo* at *Fiestang* pañgilin, ay hindi guinagaua nila ito alangalang sa pagsunod sa utos nang santa Iglesia, cundi nang sila,i, maquita, at sila nama,i, macaquita. At bucod dito,i, hinihicayat pa nila ang ibang tauo sa paggaua nang canilang guinagaua.

Di baga totoo ito, Andrés? Icao rin ang magsabi, at mayroon canamang mata, tayiña at pag-iisip na paris co. Di baga totoo itong aquing sinasalita sa iyo?

—Houag, pó, ang sagot ni cabezang Dales, houag póng maguing casiraan nang puri nang capoua tauo; datapoua,t, ay totoong-totoo ang inyong sinasalita, at siyang naquiquita co, at naquiquita nating lahat dito sa bayan.

—Cung gayon, ang uica nang Cura, cung gayo,i, acalain mo, Andrés, ó hugutin mo caya dito sa nangyari at sa nangyayari cay Isco, cay Julian at cay Baste, acalain mo, anaquin, cung ano ang nangyayari sa anac mong si Próspero, cung paluasin mo siya sa Maynila.

—Salamat, pó, ang uinica ni cabezang Dales sa Cura, salamat, pó, nang maraming-marami, at cung sana sa bulag, ay pinamumulat, pó, ninyo ang aquing mata. Aco, po,i, nagpapaalam na sa inyo, cung uala, pó, cayong ipag-uutos sa aquin.

—*Adios*, Andrés, ang uica nang Cura, *adios*, Andrés, at houag mong pahamacan itong hatol ó pañañgaral co sa iyo, sapagca,t, hindi nangagaling sa isang biglang sompong, cundi sa isang matagal at sadyang pagmamasid co nang inyong maña ugali at paquiquipagcapoua tauo....

Yumaon na si cabezang Dales sa Convento, at nagtuloy sa caniyang bahay, at palibhasa,i, balisa

ang loob ni Felicitas, ay sinalubong niya sa pinto ang caniyang ama, at inosisa sa caniya, cung ano caya ang naguing hatol sa caniya nang Padre Cura, at ang sagot nang caniyang tatay ay ganoon:

—Ang hatol sa aquin nang ating Cura ay paris din nang hatol mo, na houag co bagang paluasin si Proper, na baca sacali, aniya,i, mapahamac. Datapoua,t, isipin co ma,t, isipin, ay hindi co matatalastas, cung baquit mapapahamac itong anac co, cung papag-aralin co siya nang caunti sa Maynila.

—Tatay, ang maamong uica ni Pili; tatay, maano, po,i, sundin, pó, ninyo ang hatol nang ating mahal na Cura, sapagca,t, siya ang ama nang ating caloloua, at *segurong-seguro*, po,i, hindi ihahatol niya sa inyo nang gayon, cundi talastas niya, na siyang matouid at tapat sa cagaliñgan natin.

—Siya ñga, ang uica ni Dales, siya ñga, ñguni,t, tila nagugulo ang aquing pag-iisip, at ang loob co,i, catua, sapagca,t, hindi co matantong maigui ang tunay na cahulugan nang mañga quinacatouiran sa aquin nang ating cagalang-galang na Padre Cura.

—Pabayaan, pó, ninyo, tatay, ang ulit ni Pili, pabayaan, pó, ninyo, tatay, iyang pag-iisip na iyan, at houag, pó, ninyong alalahanin iyang mañga bagay na iyan. Cung ano, pó, ang hatol sa inyo nang ating mahal na Padre Cura, ay siya pó, ang inyong sundin, at hindi, pó, cayo magcacasala sa ating Panginoong Dios.

Pagcasalita nang gayon ni Felicitas ay umalis na ang caniyang ama at nagtuloy sa mañga pag-gaua niya sa buquid; at buhat niyo,i, hindi pinag-uusapan nila itong mañga bagay na ito; caya lagay na lagay ang loob ni Pili, at ang boong acala niya,i, hindi na paluluasin si Próspero sa Maynila.

Datapoua,t, nang maguing tatlong lingong magmula nang pagharap ni Dales sa aming Cura, at casalucuyang pinaguusapan nang mag-ina ni Felicitas itong di pagluas ni Próspero sa Maynila, at casalsalang ipinahahayag ni Pili sa caniyang ina ang malaquing toua niya dahilan sa hindi pag-alis nang capatid, ay siyang pagdating ni cabezang Andrés, at capagcara,i, tinauag niya ang mag-ina, at iniutos sa canila nang isang masiquip na utos, na agad-agad, ang uica, ay bumili sila nang cáyo at gumaua sila nang maraming baro at salaual cat Proper, at maghanda pa sila nang mañga *pañño, chapin, chinelas, talla* at nang balang cailangan; at sa isang lingo, aniya, ay paluluasin co si Proper sa Maynila, at papag-aralin co doon nang caunti.

¡Catacot-tacot ang pag-iyac ni Felicitas nang mariñgig niya itong utos nang caniyang amba! Di mapalagay-lagay ang caniyang loob, at sari-saring paraan at capamanhican ang guinaua niya, nang houag baga matuloy ang gayong banta nang caniyang tatay. Ñguni,t, nagbiñgi-biñgihan si don Andrés sa mañga caraiñgan at sa mañga luha nang caniyang anac na si Pili, at inulit nang inulit niya ang utos, na gauing madali nilang mag-ina ang ipinagaua sa canila.

Hangan ñgayon *oras* na ito, na itinatala co sa *papel* ang nangyari sa mag-anac na don Andrés Baticot, ay hindi co maisip-isip, hindi aco macapag-aacala man lamang, cung sino caya ang nag-odyoc ó humicayat sa naturang Dales, sa pagsouay sa matouid na hatol nang cagalang-galang na Padre Cura namin.

Cung sa aquing sarili, ay uala na acong ibang sucacat na pagbintañgan at paghinalaan, cundi ang *mismong Demonio*, o cung dili caya, ay ang pinacacatouan nang *Demonio* dito sa bayan.

Houag magalit ang sino manga babasa nitong aquing casulatan, dahilan sa mañga sinasalita co sa unahan nito, sapagca,t, maquiquilala rin niya, dito sa itinutuloy cong historia, ang aquing catouiran.

Sa di macuha ni Felicitas sa mañga capamanhica,t, caraiñgan, ang ninanasa nang caniyang loob, ang houag bagang paluasin si Proper sa Maynila, ay tumahimic na, at tumulong na siya sa caniyang inda sa paghahanda nang mañga ipinahahanda sa canila ni cabezang Andrés.

Pagcahanda na ang lahat, at nang dumating ang *oras* na tucoy, ay nagpaalam na ang mag-ama ni Próspero sa mag-ina ni Felicitas; at doon na, ang pag-iiyacan nilang lahat; doon na, ang paghahatulan nang isa,t, isa; doon na, ang pagbibilinan nang sari-saring bilin; doon na, ang pagdadalamhatian nang loob nang nañga-aalis at nang nañgaiiuan.

Bago magcaganito; sa macatouid baga; bago dumating ang arao na tinucoy ni cabezang Dales sa pagluas nilang mag-ama ni Proper, ay si Felicitas, na hindi lamang mabanal na mabanal na dalaga, cundi pa nama,i, matalas na matalas ang caniyang bait at pag-iisip, ay tinauag niya sa lihim ang caniyang capatid na si Próspero, at pinañgaralan niya, nang mahabang oras, nang madlang bagay tungcol sa maguiguing bagong calagayan niya.

Pinaquingan ni Proper ang mañga aral sa caniya nang caniyang *ala ó caca*, (si Felicitas ang pañganay), at ipinañgaco niya cay Pili, na susundi,t, susundin niya ang lahat na mañga hatol na yaon, at ang tica nang caniyang loob, ani Próspero, ay houag sumala sa ano pa mang bagay at ang uica pa, na hindi niya,i, iaacsaya ang panahon, cundi bagcus ay mag-aaral at mag-aaral siya sa caniyang macacayanan, ayon sa *gusto* at calooban nang caniyang magulang.

Yumaon na ang mag-ama ni Próspero, at nagtuloy sa Maynila; at nang umoui na si cabezang Dales na mangaling sa Maynila, ¡ay ina co! sinalubong siya ni cabezang Angi at ni Felicitas doon pa sa *calzada*, linapitan siya,t, linibutan, at quinusot pa nila ang caniyang damit nang cacacalvit sa caniya, na halos hindi pinatutuloy siya sa bahay, hangang di sumagot sa mañga susong-susong

tanong na guinaua nilang mag-ina.

—¿Comusta si Proper?, ang tanong ni cabezang Angi.

—¿Ano, po, ang lagay ni Próspero?, ang tanong ni Pili.

—¿Mabuti, baga, ang bahay na quinatitirahan?, ang ulit ni cabezang Maria.

—¿Hindi, pó, caya natatacot siya sa Maynila?, ang bagong tanong ni Felicitas.

—¡Maca, pó, siya,i, magcasaquit doon sa quinatitirahan!

—¿Nacausap mo, baga, ang caniyang *Catedrático*?

—¿Inosisa, pó, ninyo ang ugali nang caniyang *casera*?

Ito at iba pang lubhang maraming mañga tanong na pauang bigla at patong-patong, ang guinaua nang mag-ina ni Pili sa canilang asaua,t, ama, na si cabezang Dales baga, nang itong si Dales ay doroon pa sa *calzada*.

Sinagutan ni don Andrés ang lahat na mañga tinuran cong tanong nang mag-ina ni Pili; at polus na maigui, at polus na caaliu-aliu ang isinagot at ibinalita sa canilang tungcol cay Próspero, at ang uica pa ni Dales sa canila:—Houag ninyong alalahanin si Proper, at mabuting-mabuti ang caniyang lagay.

Malaqui ang toua ni cabezang Angi nang mariñgig ang sinasalita nang caniyang asaua; datapoua,t, ang loob ni Felicitas ay hindi mapalagay-lagay.

At saan di magcacagayon? Binasa niya sa mañga libro, na ang mañga anac, na malayo sa mata nang magugulang ay ang cadalasa,i, napapahamac at nauaualan nang cabaitan, at itong bagay na ito,i, siyang inaalaala niyang palagui arao at gabi; at siyang pinañañarap niya sa pagtulog, na hindi maalis-alis sa caniyang calooban itong pag-aalaalang ito.

Caya, magmula nang lumuas si Próspero, ay dinagdagan niya,t, dinagdagan ang caniyang mañga dating panalañgin, at ang hinihiñgi niya sa Pañginoon Dios, ay iligtas at iadiya niya ang caniyang capatid sa dilang masasama.

Nang maguing dalauang buang buhat nang pag-alis ni Próspero dito sa bayan, ay may dumating sa Tribunal isang sulat, na galing sa *correo*, at ang nababasa sa *sobre*, o sa taquip, baga, nang sulat ay ganito:—Distrito de Morong—A la señorita doña Felicitas Baticot en el pueblo de Tanay.

Nagtauanang di hamac doon sa Tribunal ang mañga *oficiales*, ang mañga bantay, ang mañga *cuadrillero*, at ang iba,t, ibang tauong naroroon sa Tribunal, pagcabasa ni *testigong* Carlos, (iñgatan nang Pañginoong Dios), ang *sobre* nang naturang sulat, at ang uica nang isa,t isa:

—¿Sino, caya, itong señoritang bagong litao dito sa ating bayan?

—¿Sino, baga, itong mahal na Princesang natatago dito sa atin?

—¡Tayo pala, ang sigao nang isang matanda na *Capitang* pasado, na ang ñgala,i, Pedrong Ilag, tayo pala,i, mahal ding tauo, at mayroon tayong mañga cababayan na mañga señorita!"

At itong mañga salitang ito,i, sinundan pa nang marami at sari-saring casistihan at capusoñgang di co sasabihin, palibhasa,i, mapag-uauari-uari rin nang capoua cong tagalog, at nang sinomang nacaquiquilala nang mañga ugali at asal naming mañga tagalog.

Nang macalipas-lipas na ang canilang pagtatauanan at pagsisistihan, ay ipinadala nang *Alguacil mayor*, na si Gabriel ang pañgalan, ang nasabing sulat doon sa pinadadalhan.

Si cabezang Dales ang pinag-abutan nang bantay nang inulit na sulat; at nang basahin ni Dales ang nasusulat sa *sobre*, ay agad-agad iniabot cay Felicitas, ang uica,t, sigao:—¡Pili! ¡Pili!; parini ca; cunin mo; itong sulat ay para sa iyo: madali ca at basahin mo, at *seguro,i*, sulat nang capatid mo.

Nang mabasa ni Felicitas ang natatala sa taquip nang sulat, nang mabasa niya, anaquin, ang uicang: *Señorita*:—ay sumamang lalo sa dati ang caniyang calooban; nguni,t, hindi ipinahalata niya sa caniyang magugulang; cundi binuclat niya ang sulat at binasa sa harap nila. Ang laman nang sulat ay ganito:

Pagcabasa ni tandang Basio itong mañga sinusundan na salita, ay tiniclop niya ang casulatan, at ang uica niya sa aquin:

—Ito póng mañga sulat ni Próspero at ni Felicitas na naquiquintal dito, at aquing babasahin, ay tunay na tunay na mañga sulat nang naturang magcapatid, na isinalin dito nang tatay co, na ualang culang at ualang labis. At nang cayo, po,i, maniuala dito sa aquing sinasalita, ay sasabihin co, pó, sa inyo, na si Felicitas ay pamanquin sa pinsang boo nang tatay co; na sa macatouid, baga, si cabezang Angi ay pinsang boo nang aquing ama; at palibhasa,i, silang dalaua nang tatay co at ni Felicitas, ay nagkakaisang caloobang tungcol sa pagpapaluas ni cabezang Andrés cay Próspero sa Maynila; ay ipinaquiquita ni Felicitas cay tatay ang balang isinusulat niya cay Proper, at sa caniya. Caya, pó, ualang ibang guinaua ang tatay co dito, cundi magsalin nang magsalin nang nasabing mañga sulat, ñg ipaquita sa caniya ni Pili.

At cung caya naalaman din nang aquin póng tatay ang laman nang sulat ni cabezang Angi, at ang casagutan sa caniya ni Proper, (na dito rin babasahin co); sapagca,t, ipinaquita naman ni Pili sa tatay co, niyong ipagbili ni cabezang Angi ang lahat na maña pag-aari nilang mag-ina, na dito ring sinasalaysay.

—¡*Demasiado*, pó, cayong *delicado!*, ang sagot co cay tandang Basio sa uicang castila,t, tagalog: ¡Demasiado, pó, cayong *delicado!* Cayo, po,i, bumasa nang bumasa, at malaqui, pong, totoo ang nasa cong maalaman ang caouian niyang *historiang* binasa ninyo.

Itutuloy co, pó, ñgayon din, ang uica nang matanda. At cung caya aniya, sinaysay co, pó, sa inyo itong maña bagay na ito, ay maca sacali,t, ang isip, pó, ninyo, na pauang casinuñgaliñgan ang aquing binabasa, bago-bago,i, pulos na catotohanan ang nalalaman dito, at aco rin ang sacsai nang lahat.

—Ituloy, pó, ninyo, ang utos co sa aquing caibigang matanda, ituloy, pó, ninyo ang pagbasa niyan, at para-parang pinaniniualaan co ang lahat na nasasaclao riyon.

—Salamat, pó, ang ganting uica sa aquin ni tandang Basio: at itinuloy niya ang caniyang binabasa, na ganito bago:

—Ang laman, pó, nang nasabing sulat ni Próspero ay yari:

Páhiná 37

UNANG SULAT NI PROSPERO

Páhiná 38

Minamahal, na ualang casing mahal na capatid cong Pili. Ayon sa pañgaco co sa iyo, ay sumusulat aco ñgayon sa iyo, nang matalastas mo ang aquing calagayan, at ang paquiquiramdam co dini sa Maynila.

Bagay sa calagayan co,i, maiguing-maigui ang aquing lagay. Tatlo caming magcacasamang *estudiante* ang natitira dito sa bahay na ito: ang isa,i, taga Paco, ang isa nama,i, taga Bulacan, at saca aco; na cung pagmasdan mo cami ay tila cami maña tunay na magcacapatid. Cung ano ang *gusto* nang isa,i, siyang gusto naming lahat, na sa macatouid: ayon-ayonan cami sa lahat nang bagay.

Pangagáling namin sa *clase*, ay lumalayao-layao cami nang caunting oras sa maña *calzada* at sa maña *paseo*; at cung minsan ay napaparoon cami sa maña pagsasayauang bahay, na dito sa Maynila,i, marami.

Ang aming casera,i, mabait na mabait, at maamong-maamo, at bihirang-bihirang nagagalit. Umaayon siyang palagui sa *cagustuhan* naming tatlo, at cung sacali,t, cami ay cagalitan nang caniyang *santulon* na asaua, ay siya ang aming tagapagtangol.

Bagay naman sa aquing paquiquiramdam dito, ¡ay caguilio-guilio cong capatid! Ang masasabi co sa iyo, na ang damdam co,i, aco ay isang *pobren*g bulag, na ñgayon, ngayon lamang nacumulat nang mata.

Caya, nang aco,i, bago pa dito sa Maynila,i, pinagtatauanan acong parati nang aquing maña casama, sapagca,t, palaguing aco,i, namamaña sa aquing paglacad. ¡Uala acong di pinagtatachan, uala acong di quinatitilian! ¡Ang maña *almacen*, ang maña *tindahan*; ang maña *castila*, na sari-sari ang soot at pañguñgusap; at sa catagang uica, ang lahat-lahat na maña bagay-bagay, na naquiquita co,t, napapanood co dito,i, para-parang pinagtatac-han co!

Páhiná 39

Datapoua,t, ñgayon, ay iba na ang aquing caisipan, at iba naman ang calagayan nang aquing loob. Ngayo,i, naquiquita co, na dito sa Maynila,i, naririto ang *civilizacion*. Ngayo,i, naquiquilala co, na ang ating maña ugali diyan sa ating bayan, ay malayong-malayo sa maña ugali nang tauong *civilizado*. Caya ang pananamit, ang pañguñgusap, ang paquiquipagcapouatauo, ang maña quilos, at ang iba,t, iba pang asal nang maña tagarito,i, malayong-malayo sa naquiquita nati,t, inaasal diyan sa canitang bayan. Ano, pa,t, cung sa aquing pagcatalastas ñgayon, ay añgat na añgat tayo sa maña dapat asalin nang tauo dito sa lupa.

Houag cang magalit, Pili, dahilan dito maña sinasalita co sa iyo. Cung icao sana,i, macalulus, at macapagmamasid ca nang maña asal nang maña tauong taga rito sa Maynila, ay segurong-segurong sasabihin mo, na ang lahat na ipinamamalita co sa iyo, at catotohanan at hindi casinoñgaliñgan.

Inaantay co ang casagutan mo. Cung sa ganang aquin, ay ipinañañgaco co sa iyo na maalaman mo rin sa maña sulat co, ang aquing isinasaloob na lahat.

Comusta nang maraming-marami si tatay at si nanay, pati ibang maña camag-anac natin. Ipagpacomusta mo aco naman cay Doni anac ni Capitang Valer, at mag-utos ca nang balang maguing calooban mo dito sa cababa-babaan mong capatid, na si Prospero Baticot.

Malaquing-malaqui; malaqui, na di ganon lamang, ang toua,t, saya nang mag-asaua ni cabezang Dales, nang mariñgig nila ang napapalaman sa sulat nang canilang anac na si Próspero. Minamariquit nilang totoo ang mga sinasalita roon ni Proper; at ang isip nila bago,i, nacarating

Páhiná 40

na ang canilang anac sa cataluctucan nang carunuñgan. Caya, habang binabasa ni Felicitas ang naturang sulat, ay ualang lagot ang agos nang canilang luha at ang tulo nang canilang lauay, gaua nang malaquing toua nang canilang puso, at lalong-lalong lumaqui ang buhos nang canilang luha at lauay, nang basahin ni Pili yaong mañga uicang *civilizacion*, *civilizado* at iba pang mañga uicang castilang nahahalo roon sa sulat.

Tumutulo ring di hamac ang luha ni Felicitas habang binabasa niya ang sulat nang caniyang capatid; datapoua,t, itong luha ni Pili ay hindi galing sa toua, cundi sa malaquing calumbaya,t, capighatian nang caniyang loob.

Ay baquit caya ganoon?, ang itatanong sa aquin marahil nang mañga bumabasa nitong casulatan. Baquit caya ang iquinatotoua nang magulang ni Próspero, ay siyang icalulumbay nang caniyang capatid?

Sasaysayin co, sa aquing macacayanan, itong mañga bagay na ito.

Ang mag-asaua ni cabezang Dales, бага man mababait na tauo, at mabubuting cristiano, na parang sinasabi co sa itaas, ay capagsabata nila,i, ualang ibang guinaua, cundi magsimba nang madalas; *magcompisal* sa panahon nang *Santong cuaresma*, *magrosario* na gabi-gabi sa canilang pamamahay; at ang ibang oras at arao ay tinutucoy nila,t, sinasamantala sa *pagtatrabajo* at sa paghanap nang pagcabuhay. At liban dito,i, uala na.

Hindi sila bumabasa-basa nang mañga *libro*; hindi sila palamasid sa tauo; hindi sila marurunong na maghihinala sa capoua tauo: at paniualain silang totoo. Ano pa,t, hindi marunong na cumutcot at humanap sa ilalim nang manga salita nang tunay na cahulugang natatago sa licod nang manga paimbabaong uica. Ang balat lamang ang canilang tinitingnan, at hindi nila inuusisa ang nasacailaliman. At nang sabihin co sa catagang uica: ang mag-asaua ni cabezang Andrés ay sila ang tunay na cahalimbaua nang tinatauang naming manga tagalog na manga *tausa una*.

Páhiná 41

Caya, nang mariñgig nila ang laman nang sulat ni Próspero, ay lubos na lubos ang canilang paniniuala, na ang canilang anac ay nacapag-aral na nang marami sa Maynila, at hindi mandin dumaan sa canilang pag-iisip ang paghihinala ó ang pagdidili-dili man lamang, na maca sacali,t, sumama ang asal ni Próspero doon sa Maynila.

Subali,t, si Felicitas, na bucod sa cabanalan, ay pinagcalooban din nang Pañginoon Dios nang isang matouid at matalinong isip, at nang isang matalas na pag-iisip, ay naquilala niyang capagcaraca, at hinaño niyang agad doon sa mañga salisalita ni Próspero sa caniyang sulat, na ang caniyang capatid ay lumilihis na sa matouid na daan, ó cung sana sa lumalacad, ay tumutungtong sa mañga lanay ó cumanoy. At бага man pinaglalaman ni Pili at iniuaucsi itong masamang cutog nang caniyang loob, ay hindi rin mapagpag-pagpag niya.

Dahilan dito,i, umiiyac siyang palagui, at hindi macacain nang mahusay, at hindi macatulog nang mahimbing, caya yumayat siya,t, namutla nang di hamac; at sa di matiis na niya itong gulo nang caniyang isip at loob, ay naparoon siya sa aming Padre Cura.

Itong si Felicitas ay mahal na totoo sa aming Cura, hindi alang-alang sa cagandahan nang catauoan ni Pili, (si Felicitas ay hindi maganda, bagcus may capañgitan), at hindi naman alang-alang sa ano pa mang bagay, na may cahalong paquinabang, cundi alang-alang lamang sa cabutiha,t, cagaliñgan nang caniyang caloloua. Caya, nang matanao nang aming Cura si Felicitas, at nang mapagmasdan ang caniyang catuang anyo, ay sinalubong siya sa cabahayan nang convento, at binati nang gayon:

Páhiná 42

—Ano, бага, iyan, Pili? Ano,t, icao,i, namumutla at nañgañgalumata? Icao бага,i, nagcasaquit?

—Uala, pó; ang sagot ni Felicitas uala, pó, acong anomang caramdaman, aua nang Pañginoon Dios; at cung caya, pó, aco,i, naparito sa inyo, sapagca,t, mayroon, pó, acong ipaquiquita sa inyong isang sulat ni Próspero.

—Sumulat na pala sa inyo iyan layas na iyan? ang masayang tanong nang Cura.

—Oo, pó.

—At ano ang laman nang sulat?

—Iba,t, iba, pó; at cung caya ipinaquiquita co po, sa inyo,i, nang maalaman co sa inyo póng mahal na labi ang totoong cahulugan nang mañga sinasalita ni Próspero. Ito, pó, ang sulat; inyo, pong básahin.

Dinampot nang aming Cura ang sulat sa iniabot sa caniya ni Felicitas, binuclat niyang tuloy, binasa nang dahandahan at tiniclop uli; at bago siya macapag-uica nang anoman, ay tinanong siya ni Felicitas nang gayon.

—Ano, pó, ang inyong tiñgin diyan? Ano, pó, ang inyong sapantaha diyan sa sulat na iyan? Ipinamanhic co, pó, at ipinag-aamo-amo co póng totoo sa inyo; na cung mangyayari sa inyo póng mahal na calooban, ay sabihin, pó, ninyo sa aquin ang tunay na cahulugan nang laman niyang sulat na iyan, na nacagugulong totoo sa aquing loob at bait, buhat nang dumating sa aquing camay at basahin co.

Páhiná 43

—Umupo ca muna, ang uica nang Cura, umopo ca muna, Pili, dini sa *banco*, sasabihin co sa iyo ang aquing sinasapantaha dito sa sulat na ito.

Naupo na si Felicitas sa *bancong* itinuro sa caniya, at tuloy nag-uica ang aming Cura nang

ganoon:

—Itong sulat na ito nang capatid mong si Próspero, ay cung basahin nang paimbabao; ó basahin caya nang maña hindi nacacaalam nang maña ugali ninyong mag-ama at magcapatid; ó basahin baga nang maña hindi nacapagmasid nang asal nang maña tagalog; ó basahin caya nang maña tauong ualang sariling pag-iisip; ay *segurong-segurong* sasabihin nila, na itong sulat na ito,i, mariquit at matino, at ualang ibang cahulogan cundi ang magbalita si Próspero sa inyo nang caniyang calagayan sa Maynila. Datapoua,t, cung sa canita ay iba na ang cahulogan, at malayong-malayo sa sucat acalain nang ibang tauo.

Cung sa ganang aquing, ang tuloy na uica nang Cura; cung sa ganang aquing, ay sasabihin co sa iyo, na malaquing-malaqui, at masamang-masama ang cahulogan nitong sulat na ito. Gaya, sumamá man ang loob mo, ay di co ililihim sa iyo, Pili, ang napasaloob co nang basahin co; at cung caya, gayon ang aquing gaua, ay maca sacali,t, bucas ó macalaua,i, sisihin aco nang ating Pañginoon Dios, dahilan sa di co pagsasabi sa iyo nang totoong nasasacalooban co, nang icao,i, cumucuhang tanong sa aquin.

Ang hinahaño cong lamán sa ilalim nang maña salisalita nang capatid mo dito sa caniyang sulat, ay ang siya,i, nahuli capagdaca sa silong iniumang sa caniya nang demonio, at caya, ang dating minamaitim niya, ay minamaputi niya ñgayon; at ang dating minamaputi niya,i, minamaitim niya ñgayon ... ¡Cahimanauari, magcamali aco dito sa aquing sapantaha ó paghinhinala! ñguni,t, acala co,i, hindi aco lumalayo sa catotoohan.

Páhiná 44

Habang nagsasalita nang ganito ang aming mahal na Padre Cura, ay uma-agos ang luha sa mata ni Felicitas, caya inosisa nang Cura sa caniya ang bagay at dahilan nang caniyang pag-iiyac, at ang sagot ni Felicitas ay ganoon:

—Paano, pó, hindi aco iiyac, at iyang din, póng sinasalita ninyo, ay siyang cumacalicot na palagui sa loob co?

—Itiguil mo iyang pag-iiyac mo, Pili, at uala cang ibang macacamtan sa pag-iiyac, cundi saquit lamang nang catauoan. Ipanalañgin mo si Próspero sa Pañginoon Dios, nang siya,i, amponin at iligtas sa dilang masasama....

—Siya, pó, ang aquing guinagauang parati: datapoua,t, ibig co pong maalaman sa inyo, cung ano cayang mabuting isagot co cay Próspero diyan sa caniyang sulat.

—Cung sa natuturang pagsagot, ay marami ang maisasagot mo sa caniya; subali,t, dito sa lagay nang capatid mo, tila,i, mauaualang halaga ang lahat nang casagutan mo, maguing ano ang iyong sabihin sa caniya.

—Baquit, pó, amo,i, gayon ang inyong uica?

—Caya gayon ang aquing salita, sapagca,t, ang lagay ni Próspero sa Maynila, ay siyang-siya nang lagay nang isang olila sa ama,t, ina, at capatid at camag anac pa, na ualang macapipiguil sa caniya, at uala naman siyang quinaaalang-alañgan. Ganoon man, ay sabihin mo sa caniya, na houag baga limutin niya ang maña pagtuturo nang magulang mo sa caniya; nahouag maulli sa maña lamang bayan at sa maririquit na salita nang maña quinacasama niya; na houag maparahio sa maña cagandahan nang mundo; at iba,t, iba pang ganito, na mamatapatin mong isagot.

Páhiná 45

Napaiyac nang panibago si Felicitas nang mariñgig itong sagot at hatol nang aming Cura, at pagcamaya-maya,i, nagpasalamat siya sa Cura, humalic-nang camay at nagpaalam na. Nang dumating siya sa caniyang bahay, ay sumulat cay Próspero nang ganito:

SULAT NI FELICITAS

Caguilio-guilio cong capatid: tinanggap co ang minamahal cong sulat mo, ay cung baquit, pagcabasa co,i, napaiyac acong totoo.

Hindi co masaysay nang maigui ang dahilan nitong aquing pag-iiyac, subali,t, tila aco,i, nagcagayon, sapagca,t, ang sapantaha co sa aquing loob na mag-isa, ay icao,i, iba na ñgayon sa dati.... At acala co,i, may catotoohan itong aquing sinasapantaha, palibhasa,i, ang hinuhugot cong lamán sa sulat mo, ay maraming bagay-bagay ang minamasama mo ñgayon, na dati-dati ay minamaigui mo, at balictad, marami ang minamaigui mo ñgayon, na dati-dati ay hindi minamagaling mo.

Dahilan dito,i, nagugulong totoo ang aquing bait, na ang uica co baga sa aquing loob na sarili ay ganito: cung si Próspero,i, nasacatouiran, aco,i, uala, at cung aco,i, siyang nasacatouiran, si Próspero,i, malayo.

Caya aco,i, nagtanong at nagtanong sa maña nacacaalam, at inosisa co pa, sa maña sucat cong paniualaan, itong bagay na ito, at ayon sa canilang aral sa aquin, ay masasabi co sa iyo, na tila icao, ñga,i, siyang nagcacamali, at tumutongtong sa madulas na tungtuñgan, gaua, yata, nang cahañgalan mo.

Páhiná 46

Houag cang magalit sa aquin, Proper, dahilan dito sa maña sinasalita co, at uala acong ibang

hinahañgad dito sa mañga sabi cong ito, cundi ang cagaliñgan nang caloloua mo. Caya mayroon pa acong itatanong sa iyo.

Baquit icao,i, mauiuli ñgayon sa mañga sayauan, at naalaman mong dati na ito,i, baul na baul sa atin nang ating cagalang-galang na Padre Cura? Ano,t, pinupuri mo ñgayon ang mañga quilos-quilos, at ang mañga pananamit na dati-dati ay pinipintasan mo? Ano,t, minamasama mo ñgayon ang mañga mapapayapang ugali natin dito sa bayan, at minamabuti mo ang mañga maliligalig na asal nang taga riyon sa Maynila?

¡Ay caibig-ibig cong capatid! ¡Houag cang maparaya sa demonio, na cung saan-saan iniumang niya ang mañga silo, at binabalutan pa niya nang sari-saring maririquit, nang macahuli siyang madali nang mañga caloloua nang tauo, at maihatid niya sa infierno!

Houag cang mauili, Proper; houag cang mauili, at houag cang maniuala sa mañga iba,t, ibinabalita sa iyo, cundi mo natatanto muna, na ang nagbabalita,i, mabait na tauo, at ang ibinabalita,i, totoo at magaling.

Alalahanin mong palagui, na, cung minsa,i, sa ilalim nang mababañgong bulaclac, at maririquit na damo, ay may nagtatagong ahas, na mabisa ang camandag.

Icao,t, icao,i, siyang inaalaala cong palagui, baca gaua nang cabataan mo,i, icao ay mapahamac.

Si tatay at si nanay, at gayon din ang mañga camag-anac natin ay nagpapacumusta sa iyo nang maraming-marami. Aua nang Pañginon Dios, ay mabuti at ualang saquit coming lahat.

Ipinagtatagubilin cong totoo sa iyo, Proper, ang pagdarasal nang Santo Rosario gabi-gabi, nang icao,i, tuluñgan at ampunin nang mahal na Virgen sa lahat na mañga pañganib.

Ang Pañginon Dios ang mag-iñgat sa iyo at sa ating lahat, at mag-utos ca, nang balang maguing calooban mo, sa iyong cauaauang capatid, na si, Felicitas Baticot.

Páhiná 47

Tinangap ni Próspero itong sulat nang caniyang capatid, at baga man minamahal niyang totoo, sa caniyang loob na sarili, ang mañga pañgañgaral ni Felicitas sa caniya; subali,t, palibhasa,i, iba na sa dati ang carunuña,t, caasalang umuusbong at tumutubo sa caniyang bait at calooban, ay ipinaquita niya ang sulat ni Felicitas sa caniyang dalauang casamang estudiante, na ang uica niya baga:

—Tingnan ninyo itong sulat nang capatid cong dalaga; inyong basahin, at cung mangyayari sa inyong loob, ay sabihin ninyo sa aquin, cung ano cayang mabuting isagot co riyon.

Binuclat at binasa nang taga Paco, na ang ñgala,i, Julio, at nang taga Bulacan, na ang ñgala,i, Francisco, ang naturang sulat, at sabi ni Julio cay Próspero sa uicang parian ay ganito:

—*Seguro este hermana de Vd. demasiado beata tambien.*

At ang uica naman nang taga Bulacan na si Francisco:

—Tila,i, *santulon* na totoo ang capatid mo.

—Siya ñga, ang sagot ni Próspero.

—Maano,i, punitin mo, Proper, iyang sulat na iyan, ang sigao nang *estudianteng* taga Paco. Ganon, ang tuloy na uica niya, ganon ang ugali nang mañga *beata-beatang* taga rito man, at taga bundoc. Cundi mo sila,i, parisang pagdadasal nang marami; cundi mo sila,i, gayahan sa pagsosoot nang carmin, nang correa, nang cordon; cundi mo gauin ang ibang mañga cabaliuang guinagaua nila,i, masama ca nang tauo. Sabihin mo riyon sa capatid mo iyan, na siya,i, magdasal nang marami; *magcolacion* arao-arao; magsoot nang *cilisiong* mula sa paa, na hangang sa ulo, at houag maquialam siya sa iyo....

Páhiná 48

—Houag naman, Proper, ang biglang uica ni Francisco; houag cang sumagot nang ganon sa capatid mo. ¡Ito naman si Julio,i, labis na magsasalita! Sumulat ca sa capatid mo, at sabihin mo lamang natanto mo ang lámang nang caniyang sulat, at susundin mo nang lubos na pagsunod. Cung ganito ang sagot mo; acala co,i, matotoua siya, at hindi ica,i, paghinalaan nang ano pa man.

Ito at ibang mañga ganito ang pinag-uusapan niyang tatlong magcacasamang *estudiante*; at baga man masaquit sa loob ni Próspero ang mañga salita nang caniyang mañga casama, lalong-lalo ang mañga uinica ni Julio; at cahima,t, pinaglalaman pa nang caniyang bait ang pagtanggap niyang mañga buchang bibig na yaon, ay tinangap din niya, at umayon sa masasamang sumbong sa caniya nang caniyang mañga casunong estudiante, at alinsunod sa gayong sumbong, ay gumanti siya sa sulat ni Felicitas nang ganito:

ICALAUANG SULAT NI PROSPERO

Caibig-ibig cong capatid na si Felicitas. Natatanto co ang lámang nang iyong mahal na sulat, at

susundin co, na aquing macacayanan, ang mañga aral at bilin mo sa aquin subali,t, aco,i, napatacang totoo doon sa mañga salita mo, na ang uica mo baga; na tila aco,i, iba na ñgayon sa dati; na di umano, ang sabi mo pa, ay minamaigui co ñgayon ang dati cong minamasama, at minamasama co ñgayon ang dati cong minamamaigui: na acala mo,i, tumutungtong aco ñgayon sa madulas na tungtuñgan.

Saan di aco,i, magcacaganito, capatid cong guilio? Di baga sinabi co sa iyo sa nauna cong sulat, na, cung sana sa bulag, ay ñgayon lamang nacumulat aco, nang mata, at nacaquiquita nang maliuanang? Caya houag cang magalit sa aquin, Pili, cung iba ñgayon sa dati ang mañga catouiran at caugalian co, sapagca,t, ñgayong lamang luminao ang aquing pagtiñgin, na dati-dati ay malabo.

At cung ipahahayag co sa iyo ang totoong-totoong nasasacalooban co ñgayong oras na ito,i, sasabihin co sa iyo na hindi lamang hindi aco tumutongtong sa madulas na tungtuñgan, cundi bagcus uiuicain co sa iyo, na aco,i, nasasacatuoiran, at icao,i, uala.

Acala co,i, cung caya gayon ang salita mo ay sapagca,t, hindi icao,i, nacaalis-alis diyan sa ating bayan; hindi icao,i, nacaquita-quita nang asal nang caramihang tauo; hindi icao,i, nacariñgig diñgig nang mañga bali-balita nang mañga bagay-bagay na nangyayari dito sa mundong ito. Caya minamasama mo ang mañga tauong hindi nagsisimba arao-arao, at hindi nagdadasal nang marami, ó hindi caya gumagaua nang mañga *devosiong* inuugali mong gauin; ñguni,t, hindi mo iniisip, na ang tauo,i, namamatay sa capighatian nang loob, cundi siya,i, lumayao-layao na miminsan-minsan sa mañga catouaan at casayahan.

Cung sa iyo, ay ituloy mo,t, ituloy ang iyong dating caugalian, datapoua,t, houag mo acong paghihinalaan sa anomang bagay, at marunong na acong cumilala ñgayon nang magaling at nang masama.

Houag mong masamain, Pili, itong aquing mañga salita, na hindi ñga masasama, baga man hindi mo pa rin natatalastas na maigui, gaua nang caquitiran at caiclian nang mañga itinuturo sa atin diyan sa canitang bayan.

Ibig co sanang dumating agad ang panahon nang *pagvavacasion* namin, nang aco,i, macapagsaysay sa iyo, nang maliuanag na maliuanag, nitong mañga bagay na ito, na, *segurong-seguro,i*, minamasama mong totoo ñgayon.

Cung may aua ang Pañginon Dios, ay darating din ang tadhanang arao na ninanasang totoo nang loob co at saca tayo,i, macapagsasalita, at macapag-uusap nang balang nasasaloob natin.

Ipagcumusta mo aco cay tatay at cay nanay at sa lahat na, at sabihin mo cay nanay, na malacas ang pagtaba co,t, palagui dito sa Maynila. Ipagcomusta mo naman aco cay Doni, at mag-utos ca nang balang macacayanan nang mababa mong capatid na si, Próspero Baticot.

¡Sabihin pa ninyo, mañga bumabasa nitong *historiang* ito, ang pagnanañgis ni Felicitas, nang matanto niya ang napapalaman dini sa sulat na ito! Dibdib niya,i, ibig pumutoc sa malaquing capighatiang nasisilid doon; ang luha niya,i, ualang lagot; ang caniyang hicbi ay suson-suson; at uala siyang ibang sucat busan nang loob, cundi ang caniyang Cura at Confesor, ay doon ñga naparoon nang quinabucasan niyong pagtanggap niya nang sulat ni Próspero.

Totoo ñga, na si Pili ay may ama at ina, subali,t, itong caniyang magulang, ay parang baliu ang tayo. Namamañga sila sa paquiquinig nang mañga minamariquit nilang salita ni Próspero sa caniyang mañga sulat, at hindi lamang hindi nila masabi, cung yaong mañga salitang yao,i, mabuti ó masama, cundi, ang masid ni Felicitas, ay minamaigui nila ang lahat, at doon ang quilang nang canilang loob, caya hindi siya sumanguni sa caniyang magulang.

Naparoon, anaquin, si Felicitas sa convento, at halos hindi pa nagbigay siya nang magandang arao sa aming mahal na Padre Cura, ay napaiyac siya at napasigao nang catacot-tacot.

Nagulat ang aming Cura, at agad-agad inusisa niya cay Pili ang bagay at dahilan nang caniyang pag-iyac at pagsigao; at sa di macasagot at macapañgusap itong si Felicitas, gaua nang pananaghoy, na ga nacahahalang at nacasasara nang caniyang lalamunan, ay iniabut niya sa Cura ang sulat ni Próspero, na taglay niya.

Dinampot nang Cura ang naturang sulat, binuclat niya,t, binasa, at capagcaraca,i, naquita niya ang mabisang camandag na nagtatago sa ilalim nang mañga salita ni Próspero sa caniyang sulat; at tuloy nag-uica cay Felicitas nang ganito:

—Itiguil mo iyang pag-iyac mo, Pili, at sinabi co na sa iyo, na, uala cang ibang masasapit diyan sa pag-iyac mo, cundi isang mabigat na saquit.

Talastas co ñga, na ang lagay nang capatid mo,i, sucat icasindac at icaiyac mo, sapagca,t, masamang totoo ang caniyang tayo. Subali,t, pacacatantoiun mo naman, na ang gamot na quinacailañgan ni Próspero, ay hindi mo macucuha sa pag-iyac.

Ang cahalimbaua nang capatid mo, ay isang puno nang cahuy, ó isang *macetas* caya, na itinanim sa masama,t, pacat na lupa, na diliguin mo ma,t, diliguin maya,t, maya, ay hindi lumalago, at di man nanariua, cundi bagcus nalalanta, at tila,i, naghihimatay, at camatayan ding ualang sala ang caniyang casasapitan, cundi mo isalin, ang naturang cahoy ó *macetas*, sa ibang

Iyan din, pó, ang imic ni Felicitas, iyang din, pó, ang nasasaaquing calooban; subali,t, pó,i, mahirap na mahirap ipatalastas sa magulang co itong bagay na ito; palibhasa,i, ang boong acala at ang boong asa nila,i, si Próspero ay umiigui,t, umiigui, at hindi sumasama sa caniyang dating lagay nang caloloua,t, catauoan. Caya, pó, ipinamamanhic co sa inyo, na, cung baga,i, mangyayari sa inyo póng loob, ay pañaralan, pó ninyo ang tatay at ang nanay co, at sabihin, pó, ninyo sa canila, paouiin na nila dito si Próspero.

—Oo, ang sagot nang Cura, oo, gagauin co,t, sasabihin co sa magulang mo iyang lahat nang iyan; ñguni,t, hindi co maipañgaco sa iyo, na macacamtan natin ang ating hinahabol, sapagca,t, ang damdam co,i, matigas na totoo ang loob nang tatay mo tungcol sa bagay na ito.

—Ang damdam co, pó,i, ang lalong mahirap na pabaliquin loob ñgayon, ay si nanay; at caya, pó, ganoon ang aqing salita,i, sapagca,t, ang pagmamasid co, po,i, natotoua nang labis na toua ang aqing nanay, nang basahin co ang maña sulat ni Próspero, na iniñgatan niya, at pinababasa sa aquin nang madalas.

—Ating atuhan, ang uica nang Cura, ating atuhan. Ñgayo,i, umoui ca na, at houag cang umiyac, at houag mo namang alalahanin itong maña bagay na ito. Sundin mo lamang ang una cong hatol sa iyo, na sa macatouid: ipanalañgin mo sa ating Pañginoon Dios ang capatid mong si Próspero nang siya,i, iadiya,t, iligtas sa dilang masasama, at ang Panginoon Dios na ang bahala.

Nagpaalam na si Felicitas, at nang dacong hapon niyong ding arao na yao,i, nagpasial ang aming Cura, at naparaan sa tapat nang bahay nina cabezang Dales.

Nang magdaan ang aming Cura sa *calzada* ni *cabezang* Andrés, ay nagcatong gumagaua-gaua ang mag-asaua ni *cabezang* Angi sa silong nang canilang bahay, at pagcatanao nila sa Cura, ay lumabas ang mag-asaua sa *calzada*, sinalubong ang Cura, hinalican nang camay, at pinaraan pa siya sa canilang bahay. Pinasalamatan sila nang Cura, at nagdahilan, na siya,i, maglalacad-lacad pa; subali,t, tumiguil siya, at nagcocono-conouari siya,i, nanonood nang maña bulaclac na tumutubo sa loob nang bacuran nang canilang *solar*, at nagtanong sa naturang mag-asaua nang iba,t, ibang tungcol sa maña bulaclac at ibang maña pananim, na natanao doon; at caalam-alam nila,i, ang uica nang aming Cura:

—¡*Seguro,i*, si Próspero ang nagtanim niyang mga halaman na iyan!

—Siya ñga, pó, ang sagot ni cabezang Angi, siya ñga pó; sila póng daluang magcapatid ni Pili ang nagtanim niyang lahat na maña halaman na iyan.

—At ano caya, ang malamán na tanong nang Cura, ano caya ang lagay ni Próspero sa Maynila?

—Mabuti, pó, ang bigla,t, sabay na sagot nang mag-asaua ni Dales, mabuti, pó, aua nang Pañginoon Dios.

—¿Ay ano baga, hindi caya sumamá roon ang caniyang dating mabuting ugali?

—Ang damdam, pó, namin, ang sagot ni cabezang Angi, ang damdam, pó, namin, ay hindi siya sumasamá, cundi umiigui pa, pó, sa dati.

—Salamat, cung ganoon, ang uica nang Cura, salamat, cung ganoon, subali,t, iba ang aqing balita.

—¿Ano, pó, ang iyong balita? ang tanong nang mag-asaua.

—Ang balita co,i, masama na ñgayon ang caniyang ugali.

—¡*Segurong-seguro*, pó, ang sigao ni cabezang Angi, *segurong-seguro*, pó,i, ang nagbalita sa inyo niyan ay ang amin pong Felicitas!

—Masasabi co, ang tugon nang Cura, masasabi co ang maña nariñgig cong balita; datapoua,t, hindi co dapat ituro, cung sino-sino ang aqing quinaranggan. At nang sabihin co sa inyo ang totoo, ay pacatantoin ninyo, na masamang-masama ang tayo ni Próspero. Narahio siya capagdaca sa maña hibo nang mundo at nang Demonio, at cundi ninyo paalisin, pacatalastasin ninyong maigui, cundi ninyo paalisin agad-agad siya sa Maynila, at paouiin dito, ay masama ang casasapitan niya, at masama naman ang casasapitan ninyo. Hindi aco manhuhula; subali,t, tila,i, hindi aco nagcacamali sa panghuhula cong ito.

Nang nariñgig nang mag-asaua ni Dales itong salita nang aming Cura, ay napaiyac sila capoua, at pagcamayamaya,i, nag-uica si cabezang Andrés nang ganito:

—Maca, pó amo, iyang maña balitang iyang dumating sa inyo,i, hindi totoo; at talastas, pó, ninyo, na, cung minsan, ang gangabutil nang palay, ay ginagaua nang maña bibigang tauo na casinglaqui nang *latore* nang ating Simbahan.

—Totoo iyang sinasabi mo, Andrés, at siya ñga ang caraniua,t, cadalasang nangyayari dito sa *mundong* ito: subali,t, cung sa ganang aqing, ay masasabi co sa inyo, na ang lahat na maña ibinabalita co sa inyong tungcol cay Próspero, ay hinañgo co,t, sinimot sa mistula,t, tunay na bucal. Caya, cayo nang bahalang sumunod ó sumuay sa hatol co sa inyo, na paouiin ninyo baga, at patirahin dito sa bayan ang inyong anac.

—Baquit, pó, hindi, ang sagot ni cabezang Andrés, baquit, pó, hindi namin susundin ang inyong

Nagpaalam na ang Cura, at ang uica,i, siya,i, maglalacad-lacad pa. Humalic uli nang camay si Dales at si Angi, at yumaon na ang Cura....

Dito, p^o, ang uica ni tandang Basio sa aquin, dito, p^o, sa binabasa co ñgayon, ay mayroong isang *nota*.

—Inyo p^ong basahin, ang sagot co.

—Ang *nota* pong sinulat nang tatay co,i, ganito:

Marami ang sucat cong ipagpuri sa tinuran cong Padre Cura namin; ñguni,t, ang iquinatotoua cong totoo sa nasabing Padre, ay ang caniyang ugali, na magsabi sa sangnalianag, at ualang palico-licong salita, nang totoong nasasacalooban niya, ó inaabot nang caniyang pag-iisip, na ualang binubucod siyang tauo.

Cunan ninyo siya nang sanguni sa ano pa mang bagay, at capagcaraca,i, sasabihin niya sa inyo, na yaong isinasanguni ninyo sa caniya,i, mabuti ó masama, ó cung dili caya, ay uiuicain sa inyo, na hindi quinacaya nang caniyang pag-iisip ang paghatol sa inyo nang mabuti at matouid, tungcol doon sa bagay na isinasanguni ninyo sa caniya. At dito sa maña paghatol niyang ito,i, hindi inaalumana niya, cung yao,i, icagagalit ninyo, ó icasasama nang loob ninyo sa caniya. Na sa macatouid; ang totoo at tapat ang inihahatol niya sa inyo, na ualang caalang-alañganan *ni* sa inyo, *ni* sa ca niya *ni* sa canino man.

—Hangan dito, p^o, ang *nota*, ang sabi ni tandang Basio. Ñgayon, p^o, aniya, ñgayon, po,i, cung *gusto* ninyo, ay itutuloy co, p^o, ang aquing binabasang salita nang tatay co.

—Ituloy, p^o, ninyo, ang aquing sagot.

Nang umalis ang aming Cura, at maiuan nang mag-isa ang naturang mag-asaua, ay nag-uica si cabezang Angi sa caniyang asaua nang ganito:

—¿Ano бага, Dales? Tootoo caya ang ipinamalita sa atin nang ating Cura?

—Ayauan co бага; subali,t, ang ating Cura ay hindi nagpapatotoo nang hindi natatanto niyang totoo. Ito lamang ang masasabi co sa iyo.

—¿Ay ano caya ang mabuti nating gauin, dito sa ating lagay?

—Ayauan co, ang sagot ni cabezang Andrés, ayauan co sa iyo. Icao ang bahalang mag-isip, cung ano caya ang mabuti diyán.

—Ang naisipan co, ang uica ni cabezang Angi, ang naisipan co,i, sumulat sa lihim cay Proper, at mag-usisa sa caniya, cung totoo, ó hindi totoo itong balitang dumating sa atin, at doon sa caniyang sagot, ay mahahaño na natin ang dapat nating paniualaa,t, gauin.

—Ay siya, ang sagot ni Dales, ay siya, magpasulat ca na cay Pili, nang matanto nating madali itong maña bagay na ito.

—¡E, é!, ang sigao ni Angi, ¡é, é!, hindi co ipagagaua cay Pili ang sulat na naisipan co.

—¿At ano?, ang tanong ni Andrés.

—Sapagca,t, ang damdam co,i, ang ating Pili ay caayon nang Cura, at ang Cura,i, caayon ni Pili, tungcol dito sa maña *locong* balitang ito.

—Cung ganoon, ay icao ang bahalang magpagaua sa canino man niyang sulat na iyan.

—Aco na ñga ang bahala, ang sagot ni Angi; houag cang mag-alaala.

Hindi co inusisa, at hindi co rin nabalitaan, cung sino caya ang sinuyo ni cabezang Angi, ó inupahan niya бага, sa paggaua nang caniyang sulat; datapoua,t, naalaman co, palibhasa,i, binasa co rin, naalaman co, anaquin, na ang laman nang nasabing sulat ay ganito:

SULAT NI CABEZANG ANGI

Caibig-ibig na ualang casing ibig cong anac. Cahimanauari datnan ca nitong aquing sulat, na ualang sacunang anoman sa caloloua,t, catauoan; cami naman dito, aua nang Pañginoon Dios, ay mabuti caming lahat.

Ang bagay at dahilan nang pagsulat co sa iyo, iniirrog cong anac, ay nang maalaman co sa iyo rin, cung totoo, ó dili caya ang balitang dumating sa amin nang tatay mo; na di umano,i, icao ay panoo,t paganoon; na icao ay iba na sa dati; na ang ugali mo ñgayon ay malayong-malayo sa inuugali mo rito, at iba,t, iba pa.

Houag mong ilihim sa aquin, anac cong guilio, ang totoong asal at tayo mo riyan. Ipaquita mo, at ipahayag mo sa aquin ang balang iniisip mo, ang balang nasasacalooban mo, ang balang ginagaua mo, nang maalaman co ang totoong calagayan nang caloloua,t, catauoan mo, nang

cata,i, gamutin ó hatulan nang matouid, cung baga,i, quinacailañgan mo ang hatol ó gamot.

Inaasahan namin nang tatay mo ang casagutan mo dito sa aquing sulat; subali,t, houag mong ilagay sa taquip nang sulat mo ang pañgalan ni Pili, cundi ang pañgalan co, ó ang pañgalan nang tatay mo.

Y no mas. Ang ating Pañginooon Dios,ang mag-iñgat sa iyo. Sumagot ca nang madali sa masintahin mong ina, na si Maria Dimaniuala.

Páhiná 58

Hindi aco marunong; hindi aco nag-aaral sa Maynila nang anoman; uala acong naalaman cundi bumasa at sumulat nang caunti; ang calabao ay siya ang aquing quinacasamang palagui; ñguni,t, gayon man, ay sa inaabot lamang nang aquing caunting pag-iisip, ay talastas co na cung ang tauong may casalanan, ay siya mong tanuñgin tungcol sa caniyang casalanan, ay itatata niyang agad, (at siyang caraniuang naquiquita natin); ó cung dili caya, ay babauasan niyang ualang sala ang caniyang caculañgan.

At ito ñga ang nangyari cay Próspero. Inoosisa ni cabezang Angi sa caniya ring anac, cung totoo ó hindi totoo, na siya,i, (si Próspero baga), macasalanang tauo, at ang sagot ni Próspero, na siya,i, hindi macasalanang tauo.

¡Pagcalaqui-laquing camalian nina cabezang Angi dito sa pag-uusisang ito!

Ang pagcaalam co,i, na cung dito sa maña cataonang ito,i, hindi dapat tanuñgin ang may cataoan, cundi ang ibang tauong may tapat na loob.

Itutuloy co uli ang pagsasalita nang maña nangyari sa mag-anac ni cabezang Dales.

Tinanggap ni Próspero ang sulat nang caniyang ina; binasa niyang minsan, macalaua, macaitlo pa; guinunamgunam niyang maigui ang nañgapapalaman doon; at natulig siyang tuloy. At sa di maisip niya, cung ano cayá mabuting sagot sa caniyang ina, ay isinanguni naman niya itong bagay na ito sa caniyang maña casamang *estudiante*.

Binasa ni *estudianteng* Francisco ang sulat ni cabezang Angi, at inabot niyang tuloy cay Julio, at pagcabasa nitong si Julio ang naturang sulat, ay nagtauataua siya, at ang uica cay Próspero.

Páhiná 59

—¡Mahirap ang tayo mo Proper!

—¿At ano? ang tanong ni Próspero.

—Sapagca,t, ang damdam co,i, marami ang nanunuboc at nagbabantay sa iyo. Subali,t, cung ibig mong sundin ang ihahatol co sa iyo, ay....

—Susundin co, ang biglang uica ni Próspero susundin co nang lubos na pagsunod, cung baga,i, matouid at tapat ang hatol mo sa aquin.

—Cung ganooon, ang ulit ni Julio, cung ganooon ay ito na,t, paquingan mo ang talaga cong sasabihin sa iyo. Ang pagcatalastas co, aniya diyan sa mga sulat nang nanay mo at nang capatid mong dalaga, ay ang sila,i, maña *beata-beatahan* na hindi nila naalaman cung alin caya ang canilang canang camay, at para-parang natatacot sila, na maca icao,i, mapahamac dito sa Maynila, sapagca,t, ica,i, malayo sa canila, at hindi icao,i, naquiquita nila. Dahilan dito,i, ang ano-anomang balitang dumarating sa canila tungcol sa iyo, ay cahima,t, gangabutil nang bigas lamang, ay guinagaua nilang ganga calabao nang laqui....

—¿Ay ano, ang tanong ni Próspero, ay ano caya ang dapat cong isagot sa canila?

—¡*Apurado* ca naman! ang sigao nang taga Pacong *estudiante*, ¡*apurado* ca naman!, hindi pa tapos ang aquing sinasalita, at nagtatanong ca na. Paquingan mo, hombre, ang tuloy na salita ni Julio; paquingan mo, *hombre*. Diyan sa maña sulat nang nanay mo, at nang capatid mo, ay hinahaño co,t, ga naquiquita co, na sila,i, ualang *malisia* at paniualaing totoo, caya ang hatol co sa iyo,i, ganito:—Sumulat ca sa canila, at sabihin mo lamang, na ang ugali mo ñgayo,i, mabuti at mabuting-mabuti pa sa dati; at asahan mo, na sila,i, maniniuala sa iyong sabi, at matutoua pa sila nang di biro-biro.

Páhiná 60

¡*Tusong-tuso*, ang uica nang *estudianteng* taga-Bulacan, *tusong-tuso* itong si Julio! Sundin mo ñga, Proper, ang caniyang hatol, na acala co,i, maigui; at bucod dito,i, cung ganooon ang sagot mo sa canila, ay hindi icao,i, paghinhinalaan nang maña nanay mo.

Umayon mandin si Prósper sa hatol nang maña casama niya; at sumulat cay cabezang Angi nang ganito:

ICATLONG SULAT NI PROSPERO

Caibig-ibig at cagalang-galang cong ina: Tinanggap co, pó ang minamatamis cong sulat ninyo, at nang aquing pong basahin, ay nalumbay na totoo ang aquing calooban.

Guinugunam-gunam co, póng maigui ang laman nang inyong sulat, at pinagbubulay-bulay co,

po, cung ano,t, anong guinagaua co rito sa Maynila; at sa uala acong naalamang masamang guinagaua co rito, ay iniisip co, pó, cung sino caya ang baliu ó maopasalang tauong nacasira nang inyo póng mahal na capayapaan nang loob, nang pagbabalita sa inyo nang mañga sinoñgalin at maling balita, at uala rin, pó, acong maisip, na sucac cong pagbingtañgan; caya, po, ang totoo ang sasabihin co sa inyo.

Aco, pó, nanay, ay ualang guinagaua ditong masama, at ang ugali co, pó, ñgayo,i, hindi masama sa dati, cundi, acala co,i, maigui pa, pó, sa roon, palibhasa, pó,i, ñgayon, ay tumatalas-talas ang aquing pag-iisip, at lumilinao-linao ang aquin pong bait, at naquiquilala co, pó, ñgayon ang magaling at ang masama, na dati-dati di co, pó, nababatid.

Páhiná 61

Ang pag-aaral ay siya co póng pinagsisipagan, at uala, pó, acong ibang calibañgan, cundi ang paglacadlacad, na maminsan-minsan, sa mañga *paseo* at sa mañga *calzada*, pagcatapus nang aquing mañga *obligacion*.

Caya, pó, ipinamamanhic co, pó, sa inyo, nanay, na houag baga maniuala cayo sa mañga sabi-sabi nang mañga tauo, na ang cadalasan pó,i, naninira sila nang puri nang capoua tauo, gaua lamang nang canilang capanaghilian, ó casamaan nang ugali, ó nang canilang cahañgalan caya.

Ipagpacomusta, pó, ninyo aco cay tatay at cay Pili, at sa lahat nang camaganac at caquilala natin, at mag-utos, pó, cayo nang balang nasa inyong mababang lincod at masintahing anac, na si Próspero Baticot.

Di masaysay ang toua,t, saya ni cabezang Angi nang mapagtalastas niya ang cahulugan nitong sulat nang caniyang anac.

Tingnan mo, tingnan mo, ang uica niya sa caniyang asaua, tingnan mo Andrés, itong sulat ni Proper, at diyan maalaman mo ang totoong calagayan nang anac ta. Diyan lamang aco,i, naniniuala, sapagca,t, ang ating anac na iyan, ay hindi magbubulaan sa aquin. Caya sa maniuala ca,t, sa dili, ay sasabihin co sa iyo, na ang lahat na ibinabalita sa canita nang ating Cura, ay *purong* cagagauan ni Pili, na ang isip niya baga,i, tayo,i, para-parang masasama, at siya lamang ang maigui....

—Tiguilan mo iyang balita mong iyan, Angi, ang biglang sagot ni cabezang Dales, na tila,i, may cahalong galit; tiguilan mo iyang salita mong iyan, Angi, at houag mong pagbintañgan si Pili at houag mo siyang siraan nang puri. Ang ating Pili, ay hindi marunong magsinungaling, hindi marunong magbintang sa capoua tauo, hindi marunong mag-upasala; at cung baga sacali,t, siya,i, nagsalita sa iyo nang anomang bagay tungcol cay Proper, ay asahan mo, na iyan, ay hindi gaua nang casamaan nang loob ni Pili, cundi gaua lamang nang cahigpitan nang caniyang *conciencia*, ó gaua caya nang catalasan nang caniyang pag-iisip, na umabot sa hindi ta maabutan. ¡Salamat nang maraming-marami sa ating Pañginoon Dios, cung ang lagay nang caloloua,t, catauoan ni Proper ay maigui na para nang ninanasa mo,t, ninanasa co naman!, subali,t, houag mong paguicaan si Pili nang caunti mang uicang masama. ¡Marahil siya,i, nasa catouiran, at cata,i, malayo!

Páhiná 62

Pagcariñgig ni cabezang Angi nitong mainit na salita nang caniyang asaua, ay tumicom na siya, at mula noon, ay hindi pinag-usapan nila si Próspero, at hindi man sinambit nila ang caniyang pañgalan.

Ñguni,t, lumacad ang panahon, at sumapit ang arao na tadhana nang *pagvavacacion*; at ito na si Próspero, na dumating dito sa bayang sacay sa isang maganda at mariquit na *cabayong* may *paso*, na ipinasalubong sa caniya ni cabezang Angi doon sa Cainta. Uahi ang bohoc, quiling ang *sombbrero*, mapuñgay ang tiñgin, maputi at matigas ang salual at baro, *botitos* ay maquintab at maquipot, at pinañguñgusapan pa niya ang *cabayo* sa uicang *castila*.

Nagtatanuñgan sa *plaza*, cung sino caya yaong lalaquing dumaan doong matigas ang soot, at mabilis na parang quidlat ang tacbo nang *cabayong* sinasaquiyan niya; at ang mañga dalagang taga rito sa Tanay, na may *pagcaosiosa* nang labis, ay silang una-unang nagtatanuñgan at nagsasagutan.

—Iyan, pó, ang uica nang isa, ay ang anac ní cabezang Angi.

—Iyan, pó,i, si Proper, na taga Ilaya, ang sagot nang iba.

—Iyan, pó, ang sagot nang caramihan, iyan, pó,i, ang *estudianteng* anac ni cabezang Dales.

—Iyan, pó, ang capatid ni Pili, ang sigao nang iba.

—Iyan, pó, ang uica naman nang isang *dalaguitang* naroroon sa *plaza*, iyan, pó,i, si "Baticot na cabanal-banalan", cung tauaguin naming mañga bata doon sa ilaya.

Páhiná 63

Pababayaan co itong mañga salitang ito, at sasabihin co lamang, na ang toua ni cabezang Angi ay lumalo nang di hamac sa dati, nang maquita niya ang anyo at quilos nang caniyang anac. Ualang di iquinatotoua niya cay Próspero. Ang caniyang lacad; ang pagsasalita; ang pagcudunday-cunday, at ang cabutingtiñgan pa sa pananamit, ay para-parang minamahal at pinupuri ni cabezang Angi. Caya pagpanaog ni Próspero sa bahay, ay tinatanao at tinatanao nang caniyang ina na hangan sa inaabot nang caniyang mata.

Subali,t, iba,t, iba ang lagay nang calooban nang isa,t, isa sa bahay ni Dales, at siya cong sasalitain ñgayon.

Ang tayo nang loob nang mag-anac ni cabezang Dales sa panahong yao,i, ganito:

Si cabezang Andrés ay nagmamasid na totoo cay Prospero, datapoua,t, namamalisa siya,t, hindi natututong mamintas ó magpuri caya sa ugali niya.

Ang puso ni cabezang Angi ay gaibig pumutoc, gaua nang malaquing toua niya, at ualang-ualang di ipinupuri niya sa caniyang anac.

Ang totoong caaua-aua,i, si Felicitas, at caya ganoon, sapagca,t, ñgayo,i, naquiquita na nang caniyang mata, at naririñgig nang caniyang taiña, ang dati-dati ay sinasapantaha niya lamang at pinaghihinala. Caya ang cadalamhatian nang caniyang loob, ay lubhang mabigat. At saan di magcacagayon? Pinagmamasdan niya ang maña ugali,t, asal ni Próspero, ay naquiquita niya, na pagcaguisang nang caniyang capatid cung umaga, ay naghihilamus siya nang mahabang *oras*, linilinis niya ang caniyang ñgipin, sinusucay ang buhoc at pinapahiran pa nang maña *pomada*, sinasabon ang camay nang mababañgong sabong caniyang dala, at pagcatapos, ay magbibihis nang bago, cahima,t, malinis at matigas pa ang damit nasacaniyang catauoan, at tuloy nananaog, at gagalagala cung saan-saan, hangan sa siya,i, nagugutom. Pagcacain ay sulong na naman, na hindi siya tumitiguil sa bahay, cundi sa *oras* nang pagcain, at hindi sisipot cung gabi, cundi hating gabi na, at hindi *maquiquipagrosario*, at hindi naman tumutulong siya nang caunti man lamang sa caniyang ama, at hindi man naquiquialam ó nagtatanong-tanong tungcol sa pamamahay ó pagcabuhay nang magulang, na ualang-uala siyang guinagaua, cundi lumigao arao,t, gabi sa maña dalagang nababalitaang maganda dito sa bayan, at siya na.

Páhiná 64

Saan di, anaquin, magcacagayon si Felicitas, at bucód sa maña sinasalita co na, ay naquiquita rin niya, na ang pagsisimba man nang caniyang capatid, cung Domingo at piestang pañgilin, ay catua?

At totoo ñga. Cung magsimba si Prospero sa maña lingo at maña piesta, at tatayo-tayo siya sa pinto nang simbahan, (na siyang huling pumasoc at unang lumabas); at sinisilip-silip niya ang maña dalagang dumaraan sa caniyang harap, at sinasabugan pa niya nang maña uicang bulaclac, na cahalay-halay paquingan saan man, at lalong-lalo na sa maña *lugar* na yaon.

At hindi lamang ito, cundi, pa naman, sa pagsasalitaan nilang dalauang magcapatid, ay hinaño ni Felicitas na malinao na malinao, na mali at sinsay sa catouiran ang pag-iisip ni Próspero tungcol sa maraming bagay na ucol sa caloloua.

Páhiná 65

Itong lahat na ito, inuulit cong sabihin, ay naquiquita at pinagmamasdan ni Pili, at siyang iquinalulumbay na totoo nang caniyang loob, at iquinasisiquip nang caniyang dibdib.

Pagcatapos nang *pagvavacasion* ni Próspero, ay lumuas siyang uli sa Maynila, nang maituloy ang pag-aaral. Subali,t, hindi na pinañgatauoanan niya ang pag-aaral, cundi ang pagligao lamang, ang pagsusoot nang maririquit, at ang paglayao niya sa maña catouaan dito sa mundo.

Dahilan dito sa maña inougali ni Próspero doon sa Maynila, ay nagcautang siya nang marami, at nang dumating ang arao nang *pag-eksamen*, ay nagkaroon siya nang *nota* nang *reprobado*.

Ñguni,t, itong lahat na maña bagay na ito,i, inililihim niya,t, ipinagcacaila sa caniyang magulang; at nang siya baga,i, macabayad nang ibang maña utang niya, ay sari-saring idinadaing at ipinagdadahilan sa caniyang ina sa maña lihim na surat, nang siya,i, padalhan nang caunting salapi.

Pinaquiquingan ni cabezang Angi ang maña caraiñgan nang caniyang anac, at dala nang aua, (nang isang falsong aua), ay pinadadalhan din si Próspero nang caniyang ina nang salaping hinihiñgig pagtago sa caniyang asua at cay Felicitas; at dahilan dito sa falsong aua ni cabezang Angi sa caniyang anac, ay lalong-lalong nagmamalaqui si Próspero at nagmamayaman doon sa Maynila, at lalong-lalong nañañgahas siya, at lalong-lalong nalulubog siya sa lanay, na dati niyang quinatatungtungan.

Hindi co iisaisahing salitain ang lahat nang cabañgauang guinaua ni Próspero doon sa Maynila, at mapapacahabang totoo itong aquing casulatan, caya lalactauan co ang marami, at sasabihin co lamang na si Próspero,i, nagtumira nang apat na taon sa Maynila, at liban sa naunang taon, ay uala na sa caniyang loob ang pag-aaral, cundi ang pagmamalibog: na hindi man pinaquiquingan niya ang pañañgaral at pagbabala sa caniya nang caniyang *catedrático*, at cung caya nagcaroon siya nang *nota* nang *reprobado* na tatlong taong sunod-sunod. At bucod dito,i, nagcautang siya nang maraming calapastañgan, na linilisan cong talaga. Ñguni,t, itong maña casalanan niya, ay hindi lamang hindi pinamamalayan niya sa caniyang magulang at maña camaganac, cundi bagcus ay sari-saring paraan at susong-suson na cabulaana,t, casinoñgalingan ang caniyang guinamit, nang houag baga mahalata nila ang masama at cahabag-habag na calagayan niya. At gayon din ang caniyang guinaua, nang houag siyang cagalitan nang magulang dahilan sa hindi *pagvavacasion* niya dito sa Tanay nang dalauang tauong magcasunod.

Páhiná 66

Datapoua,t, palibhasa,i, sa ating Pañginoon Dios ay ualang sino, at palibhasa nama,i, ang lahat na maña bagay-bagay dito sa mundong maraya,i, may catapusan; ay dumating din cay Próspero ang tadhanang arao, at dinaquip siya nang Justicia, at piniit sa bilangoan, dahilan sa maña utang, at iba,t, ibang maña cabaliuang guinaua niya sa Maynila.

Itong lahat nang ito,i, nagcataon sa catapusan nang icapat na taong magmula nang si

Prospero,i, nag-aaral sa Maynila at casalucuyang siya,i, inaantay nang caniyang magulang dito sa Tanay, alinsunod sa caniyang pangaco, na siya,i, parrito at *magvavacasion* dini sa caniyang bayan.

Páhiná 67

Calumbay-lumbay ang nangyari sa mag-anac ni cabezang Dales dahilán dito. Tinangap nila ang isang sulat ni Próspero, at doon itinutucoy niya ang arao nang pag-alis niya sa Maynila, na patuño rito.

Malaqui ang toua nilang lahat nang mabalitaan nang ganoon, subali,t, ang toua ni cabezang Angi, nang matanto niya ang napalaman sa sulat ni Próspero, ay lumalo na di hamac sa lahat, palibhasa,i, mayroon nang tatlong taong di nasisilip-silip niya ang muc-ha nang caniyang caibig-ibig na anac, at *gustong-gusto* niyang maquita. Caya dala nang malaquing toua niya,t, nasang maquita ang caniyang anac, ay pinasalubunangan niya si Próspero nang isang matuling at mariquit na cabayo doon sa Cainta, niyon ding arao na itinucoy ni Próspero sa caniyang sulat.

Nang magcaganito,i, nag-aantay ang magasaua ni cabezang Andrés, pati ni Felicitas nang pagdating nang canilang anac at capatid, at handa na ang caniyang pagcain pati bihisan. At sa di dumarating-dating nang *macaanimas* na, ay namamalisa silang lahat, at pinag-uusap-usapan nila ang dahilán nang gayong pagcaluat, at ang uica nang isa.

—¡Baca, nahulog si Próspero sa cabayo!

—¡Baca, hindi nacaquita siya nang bangca! ang sagot nang isa.

—¡*Seguro*,i, guinabi siya sa Taytay ó sa Binañgunan caya, at doon na siya,i, matutulog, at mag-aantay nang sicut nang liuayuay, ang uica naman nang isa.

Ganoon nang ganoon ang pinagsasalitaan at pinag uusapan nilang mag-anac, na hindi nagcacaisa ang canilang caisipan at narito na ang isang *oficiales*, na nangagaling sa Tribunal, at may tañgang isang *oficiong* sulat nang *Sr. Alcalde mayor* sa Maynila, na ang lamán ay ganito: cung sa uicang tagalog:

Páhiná 68

Gobernadorcillo sa Tanay.—Pagtanggap ninyo nitong *orden* ó cautusan, ay papaharapin ninyo dito sa *Alcaldia mayor* ang dalauang catauo, na si D. Andrés Baticot at si doña Maria Dimaniuala ang maña ngalan, nang sila,i, macasagot sa *sumariang* guinagaua dito sa *Juzgado, contra* sa canilang anac na si Próspero Baticot dahilán sa maña utang at ibang maña capañghasan.—Tuparin ninyo agad itong utos na ito at ipatanto sa aquin ang catuparan.—*Alcaldia mayor* sa.... sa icatlong arao nang buan na Junio nang taong 18 ...—Erizo.

Catacot-tacot ang pag-iiyacan at caguluhan nilang lahat nang matanto nila ang cahulugan niyong sulat nang *Sr. Alcalde mayor*. Ualang naalaman gauin, ualang naalaman sabihin.

Dinaluhan sila nang capitbahay at nang ibang tauong nacariñgig nang maña sigauan nila, at hindi mapalagay-lagay ang canilang loob, pañgaralan man sila nang maña uicang caalio-alio.

Di tuloy cumain nang hapunan, at di nahiga sila nang caunting *oras* man lamang niyong magdamag na yaon. At nang quinabucasan nito ay ipinagtagubilin ni cabezang Andrés ang caniyang pamamahay at ang caniyang anac na si Felicitas sa isang capatid niya, na si Juez na Godio ang ngalan, at lumacad na silang mag-asaua, na patuño sa Maynila.

Di co man sabihin, acala co,i, mapaguuari rin nang sino mang bumabasa nitong aquing casulatan ang cadalamhatian nang loob at casicpan nang dibdib nang mag-asaua ni Dales sa canilang paglacad. Uala silang ibang nasa, cundi ang macarating silang agad sa Maynila, nang maquita nang canilang sariling mata, nang mariñgig nang canilang sariling taiña, sa catagang uica: nang maalam nila ang totoong calagayan at ang maña bagay-bagay na casalanan nang canilang anac na si Próspero. Caya uala sa canilang loob ang gutom at ang pagod. Sila,i, nagugutom nga,t, napapagod pa, ñguni,t, hindi nila inaalumana itong maña hirap na ito, at ga hindi nila dinadamdam. Isa lamang ang iquinaiinip nila, ang calayuan baga nang linalacaran nilang daan; sapagca,t, gaua nang malaquing pagmanasa nilang dumating sa Maynila, ay minamalayo nilang totoo ang dati-dati ay minamalapit nila.

Páhiná 69

Cung sasaysayin co ang lahat na nangyari sa naturang mag-asaua doon sa Maynila, at ang lahat na naisipan nila, at ang lahat na dinamdam at iquinahirap nang canilang calooban, ¡Ay ina co! hindi matatapos-tapos itong aquing salita. Subali,t, palibhasa,t, ang naguing ugali co sa aquing maña pagsasalita, ay houag gumamit nang maraming uica cung isasaclao co rin lamang sa caunti; at palibhasa,i, masama rin naman, cundi co salitain ang nangyari sa mag-asaua ni Angi doon sa Maynila, ay ito na ang talaga cong sasabihin sa tipid na uica:

Nang humarap ang mag-asaua ni cabezang Andrés sa Hocom, sa *Sr. Alcalde mayor* baga; at nang nariñgig nila sa bibig nang nasabing *Sr. Alcalde*, ang dami nang pinagcacautañgan ni Próspero; at ang capal nang salaping caniyang inutang, sampon nang ibang cabalia,t, capañghasang guinaua niya, ay natilihan silang totoo, at caunting-caunting naboual at nanhimatay na capoua.

Datapoua,t, palibhasa,i, magulang ay nagpacatibay sila nang loob; at nang houag bagang mapahamac na lalo ang canilang anac, cahima,t, macasalana,t, palamara; ay nañgaco sila sa *Sr. Alcalde*, na sila,i, magbabayad nang lahat nang utang nang canilang anac pati nang maña *perjuiciong* guinaua niya.

Naglagay sila nang fianzang hinihingi sa canila nang *Sr. Alcalde*, at hinaño nila tuloy sa cárcel

Páhiná 70

si Próspero, at capagcaraca,i, ipinagsama nila sa bagca, at sumuba silang tatlo dito sa Tanay.

Nang maguing dalauang lingong magmula nang pagharap nina Dales sa *Sr. Alcalde*, ay may dumating dito sa Tribunal, ang isang mahigpit na órden sa Maguinoong Capitan, na ang iniuutos baga doon, ay pacatantoin niya sa magulang ni Próspero Baticot, na sila,i, magdala ó magpadala, agad agad, sa *Juzgado* sa *Maynila* nang ganoong salapi, (hindi co maalaala ngayong oras na ito, cung magcano ang lahat, subali,t, matatandaan cong maigui, na macapal na totoo,) at cung sacali,t, hindi sila magbayad ó macabayad nang nasabing *cantidad*, ay gapusin nang Maguinoong Capitan ang mag-asaua ni Dales, pati anac nila na si Próspero at ipaluas niya sa Maynila casama nang isang *oficiales* at maña *cuadrillero*. At nang houag anang utos, magcacahalang ang anomang cataonan, ay *embargohin* niya capagdaca ang lahat nang pag-aari ni don Andrés Baticot pati nang sa caniyang asaua na si doña Maria Dimaniala.

Ipinatanto nang Maguinoong Capitan cay cabezang Dales itong utos na ito, at hindi cumibo si Andrés, cundi itinuño ang ulo, at ang uica,i, siya,i, sunod-sunuran sa utos nang maña Puno. Subali,t, nang aalis na ang aming Maguinoong Capitan, ay ipinamanhic ni cabezang Andrés sa caniya, na cung mangyayari sa caniyang loob, ay houag bagang *ipaembargo* niya muna ang canilang pag-aari, at siya,i, magbabayad at magbabayad nang lahat na ualang culang.

Pagcaalis nang Maguinoong Capitan, ay binilang ni Andrés ang salaping natatabi sa bahay at sa di umaabot nang calahati man lamang sa pagbabayad nang maña utang, at ibang maña *perjuiciong* sinabi sa canila nang *Sr. Alcalde*, ay ipinagbili niya ang canilang maña hayop, at maña palayang iba, na ualang natira sa canila, cundi tatlong calabao lamang, at caunting lupang bubuquirin.

Pagcaipon ni cabezang Dales nang *hustong* salapi, ay iniluas niya sa Maynila, at binayaran niya ang maña utang na lahat, at umoui na siya dito sa Tanay.

Páhiná 71

Magmula niyon, ay nasira ang capayapaan sa sangbahayan nina cabezang Angi. Totoo nga na hindi sila nagcacasiraan, at hindi naman sila nagtataniman; subali,t, sa loob man lamang, ay nagsisisihan silang lahat, dahilan sa nangyari, at nagtuturu-turuan nang casalanan nang isa,t, isa.

At saca, paglibhasa,i, dati-dati ay maguinhoua ang canilang tayo, at ngayo,i, mahirap na, ay ga quinucutcot ang calooban nang isa,t, isa nang pag-aalaala nang canilang dating calagayan, at tila sumasama at tumatabang ang canilang loob, na cung minsai,i, tumutulo pa ang luha sa canilang mata. At cung caya ang uica co cañgina,i, nasira ang canilang capayapaan.

Nang mangaling si cabezang Andrés sa Maynila, nang macabayad na sa nasabing maña utang, ay tinauag niya si Próspero, at pinañgusapan niya sa harap ni cabezang Angi at ni Felicitas nang ganito:

Proper, malalaquing totoo ang *perjuicio* at casiraang guinaua mo sa magulang mo,t, capatid. Hindi lamang naualan tayo nang pag-aari, cundi puri natin ay cacalat-calat sa bibig nang tauo. Ipinatatawad namin sa iyo itong lahat nang ito, datapoua,t, ipinamamanhic din namin sa iyo, na mula ngayon, at magpumilit cang tumalicod sa masasamang ugaling pinag-aralan mo sa Maynila; mag-asal ca na nang asal *cristiano*, at tumulong ca sa amin sa paghanap nang pagcabuhay. Mahirap man tayo ngayon, ay hindi tayo mauaualan nang macacain at nang pananamit natin, sa pamamaguitan nang tulong at aua nang Pañginoon Dios, cung tayo,i, masisipag sa *trabajo*. Malaqui ang aua at pag-ibig ipinaquita namin sa iyo, Proper, caya gantihan mo rin cami nang capoua aua at nang capoua pag-ibig. Ito lamang ang hinihingi namin sa iyo; subali,t, magiingat ca rin, Proper, at houag mo acong biguian uli nang dahilan sa pagpaparusa sa iyo, sapagca,t, cung magcagayon, ay lulubusin co na.

Páhiná 72

Pinaquingan ni Próspero itong pañañgaral at pagbabala sa caniya nang caniyang amba, at humiñgi siyang tuloy nang tauad sa magulang at capatid, at ipinañgaco pa niya, na hindi na siya gagaua uli nang anomang icagagalit nila ó icasasama nang loob.

Nang ito,i, matapos, ay nagsapol sila nang bagong buhay, sa macatouid: buhay nang mahihirap, at hindi na sila mayaman. ¡Subali,t, cataca-taca itong mag-anac ni cabezang Andrés! ¡Mahihirap man sila ngayo,y, hindi ninyo mahahalata ang canilang cahirapan!

Dati sila,i, masisipag at mababait, na parang sinabi co sa itaas; caya nang sila,i, datnan niyong sacunang sinalita co na; ay ualang catiguil-tiguil sila.

Si cabezang Dales casama ni Próspero ay gumagaua sa buquid, sa bundoc ó sa bayan, na ualang tahan.

Si cabezang Angi ay nagbibigas ó lumalala nang banig.

Si Felicitas naman, dati-dati ay hindi nananaog sa bahay, cundi sa pagparoon sa simbahan, ó sa ibang bagay na totoong cailangan, ay gumagaua ngayon nang sari-saring luto at pagcain, at itinitinda,t, ipinagbibili niya sa *plaza*, umaga,t, hapon. Caya hindi sila,i, nauaualaan nang anomang cailangan, at ang canilang lagay ngayo,i, nagcacaparis din, (cung sa tiñgin nang tauo), sa dati nilang calagayan.

At sa catunayan, ay magtanong cayo sa canino man dito sa bayan, at asahan ninyo, na hindi sasabihin sa inyo baga, na ang mag-anac na cabezang Dales ay mahihirap, cundi ang isasagot sa inyo, na sila,i, maguinhouang tauo, at mayayaman.

Ñguni,t, ¡oh carupuca,t, caiclian nang maña bagay-bagay dito sa mundong maraya! Ang

Páhiná 73

paimbabaong caguinahauaha,t, capayapaan nang mag-anac ni cabezang Andrés, ay hindi natagal.

Si Próspero, na nararatihan na sa maña layao nang catauoan, ay nabibigatan siyang totoo ñgayon at nahihirapan sa pag-aararo, sa pagtaga nang cahoy at cauayan, sa pagpaparagos, at sa iba,t, ibang *trabajong* caraniuang gauin nang caniyang ama na si cabezang Dales.

Caya, nang maguing dalaua ó tatlong lingong magbuhat nang siya,i, tumutulong sa caniyang ama sa *pagtatrabajo*, ay dumaing siyang totoo sa caniyang ina, nang pamamaltos nang camay, nang saquit nang bayuang at nang pamamanhid nang litid nang boong cataouan niya. Quinauaan siya ni cabezang Angi, pinaligpit niya sa bahay, at ipinagamot sa maña *mediquillo* dito sa bayan.

Nang magcagayon ay naaua naman si cabezang Dales sa caniyang anac, at hindi lamang hindi ipinagsama niya sa *trabajo*, cundi bagcus, ay ipinagtagubilin sa mahigpit cay cabezang Angi, na ipagamot sa maña *mediquillo*, at alagaan niyang maigui.

Datapoua,t, pag naging iilang arao, at nang mapagmasdan ni Dales, na ang caniyang anac, ay hindi gumagaling-galing, cung sa *pagtatrabajo*; ñguni,t, maigui at malacas siya, cung sa pagligao at paggala, ay nagalit na di hamac, at pinaguicaan tuloy si Próspero nang masasaquit na uica.

Sumama uli si Próspero sa caniyang amba sa *pagtatrabajo*, subali,t, hindi niya panañgatauoanan, at hindi man inaalumana niya ang paggaua, cundi nagdadahi-dahilan siyang palagui nang sari-sari, gaua lamang nang caniyang catamaran at masamang ugali.

Uala siyang cacusa-cusa nang munti man, at nang sabihin co nang biglang sabi; ay hindi siya gagaua nang ano-anoman, cundañgan ang mahigpit na lagay niya, at ang catacutan niya sa caniyang amba.

Páhiná 74

Itong lahat nang ito,i, pinagmamasdan ni cabezang Andrés, at cahima,t, iquinagagalit niyang totoo, ay pinipiguil na maigui ang caniyang calooban, at hindi niya pinag-uicaan ang caniyang anac nang anomang uicang may cahalong galit, cundi pinañgañaralan niyang banayad na banayad, mangyari lamang mabago ang caniyang loob at ugali. Subali,t, baga man napao nang napao, at napapaayon nang napapaayon ang palamarang Próspero sa maña pañgañaral nang caniyang amba, ay cung sa gaua,i, hindi rin binabago niya ang caniyang masamang ugali, cundi ang caniya lamang ay siyang sinusunod.

Dahilan dito,i nagdadalamhating palagui ang loob ni Dales, at lalong-lalong naragdagan itong cadalamhatian nang caniyang loob, nang mabalitaan niya, ang maña cabaliuang guinagaua ni Próspero sa maña babayi, at ang maña pagcacautang-utang niya cung saan-saan.

At sa di na natiis niya itong masamang asal nang caniyang anac, ay guinapos niyang minsan nang madaling arao, itinali sa isang haligui nang bahay, hinampas nang di biro-biro, at doon pinabayaan niyang maghapon at magdamag.

Nagmamacaauang totoo ang mag-ina ni Pili cay cabezang Andrés, at si Próspero nama,i, ualang calagot-lagot nang paghingì nang tauad, caya quinauaan siya nang caniyang tatay, inalisan siya nang maña tali, at tuloy pinañgusapan siya nitong maicsi, ñguni,t, malamán na salita:

Proper, ani cabezang Andrés, Proper, cung sana sa bangca, aco,i, tiguib na tiguib na, caya cung minamahal mo ang buhay mo at ang buhay co, ay magpacaiñgat ca na.

Natacot na totoo, si Próspero dito sa maña uicang ito nang caniyang tatay, caya nagmabait siya,t, nagmasipag nang panibago. Datapoua,t, halos di pa bahao ang maña sugat nang caniyang pigui, ay nauala na sa caniyang loob ang pagbabala pati pañgañaral sa caniya ni cabezang Andrés, at nagsauli siya sa dati niyang masasamang caugalian.

Páhiná 75

Itong maña suson-suson na capighatian nang loob ni cabezang Dales, ay dumamay rin sa caniyang catauoan, caya hindi nalaon, ay nagcasaquit siya nang isang mabigat at di maquilalang saquit, (palibhasa,i, uala sa catauoan, cundi nasasaloob), at baga man guinagamot siya nang maña mediquillong taga rito, at nang taga ibang bayan, ay lumalala ang caniyang saquit, (na, uala sa caniyang catauoan cundi na sa caniyang calooban), at namatay tuloy, pagcatanggap nang maña *santo Sacramento*.

Segurong-seguro ang maña bumabasa nitong aqing casulatan, ay nagiiisip sa canilang sarili, ó nagnanasa cayang maalaman, cung ano baga ang naging calagayan, ó buhay caya ni Felicitas, na magmula niyong unang *pagvavacasion* ni Próspero dini sa bayan, hangan dito sa pagcamatay nang caniyang ama. At nang matapatan co ang nasasaloob nang maña bumabasa nitong tunay na *historia*, ay sasabihin co ang lahat nang naalaman co, dito sa caunting salitang susunod:

Nang *nagvavacasion* dito si Próspero, at natatantong maigui ni Pili ang caugalian, at ang iba,t, ibang caisipan nang caniyang capatid, tungcol sa maña bagay nang caloloua, at sa maña asal nang tauong cristiano, ay pinaroonan niyang uli ang aming Cura, at doon cumuha nang sanguni: at ang uica nang aming cagalang-galang na Padre Cura sa caniya,i, ganito:—Felicitas, uala acong naalamang gamot sa saquit ni Próspero, cundi ang siya,i, ialis nang magulang mo sa Maynila at ioui dito sa bayan.

Ayon dito sa hatol na ito,i, *oras-oras* ipinamamanhic ni Felicitas sa caniyang magulang, na houag baga paluasin nilang uli si Próspero sa Maynila, cundi patirahin na siya dito sa bayan, baca, aniya, baca, pó,i, mapahamac, cung mapalayo sa inyo.

Páhiná 76

Subali,t, hindi rin nacamtan niya ang cahingian, baga man siya,i, tinutuluñgan nang aming mahal na Padre Cura. Ang isinasagot cay Pili nang mag-asaua ni Angi, at ang minamatouid nila,i,

ualang-uala silang naquiquitang masama cay Proper, cundi ang mañga gaua-gauang ugalit nang cabinataan, na, mauauala rin ainila, cung siya,i, mag-aaral pa nang caunti sa Maynila.

Sa icatlong taon nang pagcatira ni Prospero sa Maynila, ay may dumating dito sa bayan na isang balita, na di umano rao,i, si Próspero ay hindi na nag-aaral na siya,i, inuusig na palagui nang caniyang mañga pinagcacautañgan; na siya,i, *hinabla sa Juzgado*, cung macailan na dahilan sa gayong mañga bagay; na siya,i, paganoo,t, paganoon.

Itong balitang ito,i, hayag na hayag, at calat na calat dito sa boong bayan, caya si Felicitas, dala nang malaquing capighatian nang caniyang dibdib, ay isinumbong niya itong lahat na manga bagay na ito sa caniyang magulang, at nag-uica uli sa canila, nang mangyari ay paouiin na nila si Próspero dito sa bayan, nang maputol at matapos ang ganoong mañga carumal-dumal na pagbabali-balita nang tauo.

Pagsusumbong nang gayon ni Felicitas sa caniyang magulang, ay quinagalitan siya,t, pinañgusapan pa ni cabezang Angi nang ganito:—Houag cong *magosiosa*, Pili, at houag cang maquialam sa mañga gaua namin nang amba mo, at camí ang nacacaalam niyang mañga bagay na iyan, at hindi cailañgan na camí ay turuan mo pa. ¿Baquit icao,i, maniniuala sa mañga sabi-sabi nang tauo, na *puro* gaua nang canilang capanaghilian sa atin? Caya tahanan mo iyang salita mong iyan.

Nagolomihanang totoo si Felicitas pagcariñgig nitong pañguñgusap nang caniyang ina, at hindi na siya cumibo. Subali,t, sa di mapalagay-lagay ang caniyang loob, ay isinanguni niya sa caniyang Cura,t, Confesor itong lahat nang ito. Pinaquingan nang aming Cura ang mañga isinasanguni ni Felicitas sa caniya, at itinanong pa siya cay Pili ang iba,t, iba, at pagcatapos, ay naghatol siya cay Felicitas; na houag na siyang cumibo magpumilit siyang magpacabanal, at ipamahala na niya sa Pañginoon Dios ang lahat na yaon.

Sinunod ni Felicitas ang hatol at bilin nang aming Cura sa caniya, at hindi na siya umimic. Ang lahat na naquiquita niya,t, naririñgig tungcol cay Próspero, ay tinitiis niya sa caniyang sarili, at sa Pañginoon Dios inihahain.

Sasabihin co na ang lahat sa mañga catagang uica. Ang lagay ni Felicitas sa panahong yao,i, siyang-siya nang lagay nang isang *macetas*, na hindi dinidilig na nalalanta,t, nalalanta, natutuyo,t, natutuyo at sa calauna,i, namamatay. Ganito, anaquin, ang lagay ni Felicitas, nang inioui rito nang caniyang magulang si Próspero na mangaling sa Maynila, at nang maipagbili na nila ang canilang pag-aari, sa pagbabayad nang mañga utang niyong palamarang anac at capatid.

Nang naririto na sa bayan si Próspero, at natantong uli ni Felicitas ang caniyang asal at ugali, ay sumaquit na lalo ang caniyang loob, caya baga man pinagticahan niya, na hindi na siya quiquibo; ay hindi rin matiis, palibhasa,i, inaari niyang malaquing casalanan ang di pagsasabi nang totoo sa caniyang capatid; at dahilan dito,i, sinira niya ang caniyang dating pagtistica, at pinañaralan niya si Próspero, (cung macailan), sa mañga lihim, at sa mañga banayad na banayad at mahusay na pañguñgusap. Datapoua,t, sa di siya,i, paquingan ni Proper, cundi siya pa ang quinagalitan at pinag-uuicaan nang masama, ay itinicom niya ang bibig, at hindi na siya umimic nang munti man. Pinagsisipagan niya lamang ang paggaua, nang siya,i, macatulong-tulong sa caniyang magulang sa paghanap nang pagcabuhay; guinaganap niyang ualang sala ang caniyang mañga dating *devosion*, at hindi na siya naquiquialam sa ano pa mang bagay.

¡Naca-aaua mandin si Felicitas, cung pagmasdan ninyo ang caniyang casipagan at panoorin ninyo ang caniyang muc-hang payat, putlain at malumbayin pa!

Ito, inuulit cong sabihin, ang calagayan nang loob at catauoan ni Felicitas doon sa panahong yaon, at nang mamatay ang caniyang amba.

Ñgayo,i, itutuloy co na ang pinutol cong salita.

Nang mautas na si cabezang Andrés at malibing na sa *panteon*, at natapos ang pagsisiam, naugaling gauin naming mañga tagalog, ay tinauag ni cabezang Angi ang caniyang anac na si Próspero at pinañgusapan nang ganito:

Proper, anac co, talastas mo na ang pagmamahal namin sa iyo, caya ipinamamanhic namin sa iyo, na icao,i, magbait na, at pañgasiuaan mo ang caunting pag-aaring itinira sa ating nang nasira mong amba. Naalaman mo rin, na ualang ibang sucát nating asahan pagcabuhay, cundi ang ating sariling hanap, caya gumaua tayong para-para, at hindi tayo mauaualan nang macacain sa tulong at aua nang ating Pañginoon Dios.

Pagcatapos nitong salita ni cabezang Angi, ay ipinañgaco ni Próspero sa caniyang inda at capatid, na siya,i, magbabait na, at hahalili sa caniyang nasirang ama, sa pañgañgasiua nang canilang pag-aari; at ang uica pa:—Nanay, houag, po, ninyong alaalahanin ang ano pa mang bagay sa ating pamamahay; at acong bahala sa lahat.

Naniuala si cabezang Angi sa pañgaco nang caniyang anac, at naniuala naman si Felicitas; subali,t, iba ang nangyari.

Naalaman na nang mañga bumabasa nitong aquing casulatan, na si Próspero,i, ualang cacusa-cusa sa *trabajo*, naalaman din nila, na cung caya,i, gumagaua-gaua si Proper nang daco noong arao,i, alang-alang lamang sa catacutan niya sa caniyang namatay na ama; at natatanto naman nila, na si Proper ay ualang caisipisip at ualang catiñgintiñgin sa caniyang pamamahay. At nang ipahayag co ang totoong nasasacalooan co,i, sasabihin co pa ñgayon, na ang pagcamatay ni

cabezang Dales, ay iquinalumbay ni cabezang Angi nang di hamac, at iquinabacla nang loob ni Felicitas; datapoua,t, bagay cay Próspero,i, ang damdam co,i, siya,i, natotoua, nang malaquing toua, baga man nagcucunouari siya,i, nalulungcot.

Dito sa mañga susunod na salita,i, maquiquilala ang pagcatotoo nitong aqing paghihinala.

Ayon sa pañgaco ni Próspero sa caniyang ina at capatid, na siya baga,i, mañgañgasiua na lahat, na para nang guinagaua nang caniyang tatay, ay ipinagcatiuala sa caniya ni cabezang Angi ang pamamahala sa mañga hayop, at sa mañga lupang bubuquiring natitira pa sa canila.

Nang magcagayon, ay isip ninyo,i, tototoohanin ni Próspero ang caniyang pañgaco. Uala siyang catiguil-tiguil. Mamaya,i, pinaliligoan niya ang canilang tatlong calabao; mamaya,i, nangdadamo siya, ó nañgañgahoy caya; ñgayo,i, pinag-iigui niya ang bacuran nang canilang bahay, ó linilinis ang canilang looban; ó cung dili caya,i, naghuhusay-husay siya nang mañga casangcapan sa pamamahay. At ang lalong caguila-guilalas dito,i, hindi na siya nagsasalual sa mañga gauang ito, cundi mañga *putol* lamang. ¡Subali,t, itong casipagang ito,i, hindi natagal!

¿At sa di gayon? ¡Uala na siyang quinatatacutang ama! ¡Ang caniyang ina at capatid ay hindi niya quina-aalang-alañgan nang munti man! At ang lumalalo sa lahat: ¡jay ualang-uala sa caniyang calooban, ang pagbabalic loob sa Pañginoon Dios! Caya,i, nanariua nang panibago sa caniyang puso, ang quinararatihan niyang masasamang ugali, at nagsauli rin sa dati.

Dahilan dito,i, uala pang sangbuan siya sa caniyang bagong pagcalagay ó catungculan, ay namatay sa gutom ang isang calabao nila, gaua nang capabayaan ni Próspero.

Sumapit ang panahon nang pagtatanim, at ang caunting palayan nila,i, hindi natamnan, dahilan sa capabayaan ni Próspero.

Pagcamaya-maya,i, nauala, rao, ang uica ni Próspero, ang isa pa nilang calabao, bago-bago,i, nang usisain ni cabezang Angi ay nabalitaan niya, na di umano,i, ipinagbili ni Proper sa pagbabayad nang ibang mañga utang niya.

Sa catagang uica: hindi pa naboo ang sangtaong arao magmula nang pagcamatay ni cabezang Andrés, ay dinaquip si Próspero nang *justicia* at piniit sa tribunal, dahilan sa paghahabla sa caniya nang maraming tauo.

Humarap si cabezang Angi sa Tribunal at inusisa niya doon itong nangyaring ito sa caniyang anac, at ipinahayag sa caniya nang Maguinoong Capitan, na cung caya *napepreso* doon si Proper, ay dahilan sa cacapalan nang caniyang utang, na hindi binabayaran, at dahilan naman sa mañga *reclamo* ni Capitang Juan Gavi, bagay sa caniyang anac na dalaga, at mañga *habla* ni cabezang Teo Mauiling tungcol sa caniyang asaua, at cung ano-ano pang sinabi nang Maguinoong Capitan.

Nang mariñgig ni cabezang Angi ang mañga sinasalita sa caniya nang aming Capitan, ay namutla siya,t, nasindac na totoo, na hindi macaquibo, at hindi macapag-uica, at hindi man macaiyac; tila mandin nahahalañgan ang caniyang lalamunan, at natutuyo ang luha nang caniyang mata caya nang pagmasdan nang Maguinoong Capitan ang masamang tayo ni cabezang Angi, ay pinaoui siya, at ang uica sa caniya:

—Cayo, pó,i, umoui muna, cabezang Angi, at mapalagay-lagay, pó, cayo nang loob, at bucas, pó, nang umaga, cung may aua ang Panginoon Dios, at tayo,i, nabubuhay pa, ay pumarito cayo, at atin pong husain itong mañga bagay na ito.

Umoui ñga si cabezang Angi, at sinamahan nang isang *oficiales* na camag-anac niya, na baca cung mapaano siya sa daan, at nang dumating sa bahay, ay sinalubong siya ni Felicitas sa catapusan nang hagdan. Pumanhic si cabezang Angi, at biglang bigla,i, niyapus niyang totoo itong si Felicitas, at napaiyac nang catacottacot. Naghimatay tuloy si Pili nang maquita ang anyo nang caniyang inda, at cundañgan ang *oficiales* na casama ni Angi, ay naboual at napagulong sa hagdan ang mag-ina.

Nang magcaganito,i, sumigao ang *oficiales*, at dinaluhan sila tuloy nang mañga capitbahay, at nang manga camag-anac, at malaquing totoo ang nangyaring ligalig doon, gaua nang caramihan nang tauo.

Ang iba,i, gumagamot-gamot cay Pili.

Ang iba,i, umaalio, alio cay cabezang Angi.

Ang iba,i, humahanap nang *mediquillo*, at ang iba nama,i, cumacaon nang *confesion*.

Gulong-gulo silang lahat, na ualang ibang naquiquita,t, naririñgig, cundi utos dito, utos doon, tauag sa magcabi-cabila, at tacbuan nang lahat.

Subali,t, nang dumating ang aming mahal na Padre Cura,i, tumahimic nang caunti ang mañga tauo, dahilan sa malaquing pag-ibig at caalang-alañgan nila sa caniya.

Pagcapanhic nang aming Cura sa bahay ay inusisa agad sa mañga tauong caharap ang bagay ó dahilan nang pagcacasaquit at paghihimatay ni Felicitas, at capagcaraca,t, sinaysay nang *oficiales* ang caniyang naquita,t, naalaman.

Nilapitan tuloy nang Cura ang maysaquit: *pinulsuhan*: tiningnan ang lagay nang muc-ha; tinauag pa niya nang malacas si Felicitas; at sa di cumiquilos-quilos ang maysaquit, ay agad-agad nagsoot ang Cura nang *roquete* at *estola*, pinagcalooban niya ang nanghihimatay nang caniyang

mahal na *absolución*, at tuloy pinahiran nang *Santong Lana*.

